TOMO VIII - ISYU I

ENERO-MARSO 2019




REBOLUSYONARYONG PAHAYAGAN NG MINDORO

EDITORYAL

NPA, TUNAY NA HUKBO NG SAMBAYANANG PILIPINO

Walang pagsidlan ang kasiyahan ng rebolusyonaryong mamamayan, mga Pulang kumander at mandirigma ng New People's Army (NPA) at ng mga kadre't kasapi ng Partido Komunista ng Pilipinas sa isla ng Mindoro sa okasyon ng ika-50 taong anibersaryo ng NPA.

Ang NPA sa ilalim ng absolutong pamumuno ng Partido Komunista ng Pilipinas ang siyang pinakamalaki at pinakamalakas na rebolusyonaryong hukbo sa kasaysayan ng sambayanang Pilipino. Sa isla ng Mindoro, ang NPA ay binubuo ng uring magsasaka, katutubong Mangyan, manggagawa, kabataan at mga intelektwal mula sa lungsod.




Mayor na pwersa ang NPA sa mga nakamit na pampulitika at pang-ekonomyang tagumpay ng mamamayang Mindoreño. Mula nang umugat ang Pulang hukbo sa isla noong dekada '80, nagkaroon nang walang kapantay na pampulitikang kapangyarihan ang api at pinagsasamantalahang mamamayan ng Mindoro. Nararapat na ibigay natin ang pinakamataas na pagpupugay at parangal sa mga dakilang martir at bayani ng NPA at rebolusyong Pilipino na walang pag-iimbot na nag-alay ng kanilang buong lakas, talino at kaisa-isang buhay upang paglingkuran ang sambayanan.

Sa pangunguna ng NPA-Mindoro naitayo, napalakas at nakonsolida ang mga rebolusyonaryong organisasyon ng magsasaka, katutubo, kababaihan, kabataan at mga panggitnang pwersa sa isla. Pinanday ang makauring kamulatan ng masang Mindoreño sa walang tigil na kampanyang edukasyon, propaganda, kultura, produksyon at pakikibaka laban sa mga kaaway sa uri, laluna laban sa malalaking panginoong maylupa (PML) at sa marahas na instrumentalidad ng naghaharing estado, ang AFP-PNP-CAFGU.


Ang NPA ang nagparusa sa mga sagadsaring kaaway ng masang Mindoreño. Kabilang rito ang mga despotikong PML at mga angkang warlord na nangamkam ng lupa ng mga magsasaka at katutubo, mga sindikato sa pagnanakaw ng kalabaw at iba pang hayop pantrabaho at ang mga pinakamapaminsalang dayuhang korporasyon na nangwawasak sa kabuhayan ng masa at sa kapaligiran. Ang NPA din ang nagparusa sa mersenaryong AFP-PNP na may utang na dugo sa mamamayan.

Bunga nang paglakas ng NPA at ng rebolusyonaryong kilusan sa Mindoro, nakamit ng mga magsasaka at katutubong mamamayan ang di-mabilang na mga tagumpay sa ekonomya.



ANG TAGUMPAY NG **REBOLUSYONG AGRARYO** SA ISLA
PAHINA 10

PINAKAMATAAS NA PAGPUPUGAY SA MGA MARTIR AT BAYANI NG **REBOLUSYON** SA ISLA NG **MINDORO**
PAHINA 18



ANG MGA KWENTO NI **KA MADAAY**
PAHINA 8





Ilampung libong ektarya ang napalaya ng NPA mula sa kontrol ng malalaking PML at ngayon ay binubungkal ng libu-libong pamilyang magsasaka at katutubo. Naipagtagumpay rin ang mga kampanya upang ibaba ang upa sa lupa at itaas ang sahod ng manggagawang bukid. Matagumpay ring nasagkaan ang operasyon sa isla ng malalaking dayuhang kumpanya sa mina at enerhiya na layong dambungin ang likas na yaman ng isla sa kapinsalaan ng mamamayan at ng kapaligiran.

Tunay na kung wala ang Bagong Hukbong Bayan, wala ni anuman ang mamamayan!

Sa NPA, nakatagpo ng tunay na tagapagtanggol at masasandigang Hukbo ang masang Mindoreño. Malawak at malalim ang di masasaid na suporta ng masang Mindoreño sa armadong pakikibaka na isinusulong ng NPA at siyang bertud nito kung bakit hindi kailanman matalu-talo ng AFP-PNP.

Matagumpay na binigo ng NPA at ng mamamayang Pilipino ang lahat ng operational plan ng mga nagdaang reaksyunaryong rehimen na nais wasakin ang NPA at rebolusyonaryong kilusan. Pinawalang-saysay ng NPA ang mga Operasyong Kitlin sa Usbong, serye ng Oplan Lambat Bitag I, II, III at IV, Oplan Makabayan, Oplan Bantay Laya I at II at ang Oplan Bayanihan ng magkakasunod na rehimen mula kay Marcos.

Tampok sa mararahas na oplan sa isla ng Mindoro ang Oplan Saliksik I at II at ang pagtatayo ng mga mamamatay-taong grupong vigilante na Alsa Masa at Matasadem sa panahon ng Oplan Lambat Bitag I. Hinding hindi makalilimutan ng masang Mindoreño ang walang kaparis na karahasan na pinakawalan sa ilalim ng Oplan Habol Tamaraw ng berdugong si Palparan mula 2001 hanggang 2005. Lahat nang ito, bagamat nagdulot ng pinsala at ilang pag-atras, ay pawang nangabigo at itinapon ng NPA at mamamayang Mindoreño sa basurahan ng kasaysayan.

Sa kasalukuyan, higit na pinag-iibayo ng rehimeng US-Duterte ang kontra-rebolusyonaryong gera nito. Rumaragasa sa buong bansa ang Oplan Kapayapaan sa pamamagitan ng National Task Force (NTF) To End Communist Insurgency. Samantala, dalawang taon nang nakapataw sa Mindanao ang Martial Law habang isang taon na ang de facto Martial Law sa Samar, Negros at Bikol sa bisa ng Memorandum Order #32. Lumalaganap sa Negros ang lagim ng Oplan Sauron at Operasyong SEMPO na kinatatangian ng sabay-sabay na pang-aaresto at pagpatay sa mga sibilyan.



Sa isla ng Mindoro, nagsimula na ang serye ng ekstrahudisyal na pamamaslang ng 203rd Brigade Philippine Army at ng PNP-MIMAROPA sa mga lider, aktibista at mga pinaghihinalaang simpatisador ng rebolusyon. Nakaamba ang banta ng ala-Palparan na tipo ng kampanyang supresyon na kawangis ng Oplan Sauron at SEMPO.

Anumang panunupil at pandarahas ng naghaharing estado ay hindi kailanman makakatighaw sa uhaw ng mamamayang naghahangad ng katarungan at kalayaan sa kahirapan, pagsasamantala at pang-aapi. Tulad ng karanasan sa panahon ng diktadurang US-Marcos, itutulak ng batas militar at lumalalang kahirapan ang mamamayan na sumapi sa NPA at isulong ang armadong pakikibaka.

Dinaranas ng masang Mindoreño ang kahirapang walang kaparis kaysa sa nakaraan. Inaagaw ang lupain ng mga magsasaka at hanggang sa ngayon, dalawa sa tatlong magsasaka sa Mindoro ay walang sariling lupa.

Sa palayan, niyugan, sagingan, prutasan at iba pang sakahan sa isla ng Mindoro, pinahihirapan ang mga magsasaka at manggagawang bukid ng napakataas na upa sa lupa, mababang pasahod, mataas na interes sa pautang, napakataas na presyo ng mga inputs sa produksyon habang napakababa naman ng presyo ng mga produktong bukid. Karaniwan ang sistemang katulong, sahuran at buwisan sa palayan na katumbas ng hatiang 80-20 o 90-10 pabor sa mga PML. Sa nyugan, karaniwan ang tersyo at 60-40 partihan pabor sa PML sarili pa ng mga magsasaka ang lahat ng gastos sa produksyon.

Nawawalan naman ng trabaho ang ilampung libong manggagawang bukid dahil sa paglitaw ng harvester na karaniwang pag-aari din ng mga PML at komersyante-usurero.

Dagdag na pahirap ang pag-iral ng mga iligal na kaltas sa pamimili ng produktong bukid tulad ng sistemang resiko, panilyo, talsik, tara, taktak at iba pa.

Pinalala ang kahirapan sa kanayunan ng taun-taong kalamidad tulad ng nararanasang tagtuyot ngayon. Imbes na pakinabangan ng masang Mindoreño ang pondo para sa kalamidad, ginagamit pa ito ng mga lokal na burukrata-kapitalista sa kanilang kampanya para tiyakin ang kanilang panalo sa paparating na eleksyon.

Nagpapatuloy ang walang tigil na pagsisikap ng mga dayuhang kumpanya sa mina tulad ng Intex na layong dambungin ang yamang mineral ng Mindoro. Tuluy-tuloy na binubutas ang kabundukan ng gitnang Mindoro upang gawin ang kalsadang gagamitin para sa operasyon ng minahan. Uubusin ng minahan ang yamang mineral ng isla. Wawasakin nito ang ilampung libong ektaryang kagubatan at ilampung ilog na pinagkukunan ng inumin at kabuhayan ng mamamayan. Lalasunin nito maging ang karagatan na pagtatapunan ng dumi ng mina.

Walang ibang paraan para lutasin ang mga suliraning ito kundi ang pagsusulong at pagtatagumpay ng pambansa-demokratikong rebolusyon. Ang kalagayang ito ang panlipunang kumukulong bulkan kung bakit natitiyak ang paglakas ng NPA at ng rebolusyonaryong pakikibaka ng masang Mindoreño.

Sa inspirasyon ng tagumpay ng NPA sa 50 taon, hamon sa mamamayan na dalhin ang digmang bayan sa isla sa bago at mas mataas na antas batay sa pambansang panawagang kamtin ang abanteng subyugto ng estratehikong depensiba sa susunod na tatlong taon.

Upang makamit ito, kinakailangang pukawin, organisahin at pakilusin ang pinakamalaking bilang ng mamamayan sa isla ng Mindoro, laluna ang mga magsasaka, katutubo, manggagawa at petiburgesyang lungsod na tinatayang higit 95% ng lampas isang milyong populasyon ng isla.

Kinakailangang ilunsad ang mga pakikibaka upang labanan ang pyudal at malapyudal na pagsasamantala sa kanayunan. Sa tagumpay ng mga ito, kamtin at ipatupad ang programa sa reporma sa lupa sa balangkas ng rebolusyong agraryo. Ito ang magtitiyak ng walang maliw na pagsuporta ng masang magsasaka sa armadong pakikibaka na inilulunsad ng NPA.

Kailangan ring ibunsod ang malawakang kampanya upang labanan ang dayuhang mina at iba pang mga kontra-mamamayang proyekto ng naghaharing estado laluna yaong umaagaw sa lupain ng masang magsasaka, nangwawasak ng kapaligiran, kabuhayan at buhay ng mga Mindoreño.



Ang paglaban ng mamamayan ay tiyak na tatapatan ng dahas ng estado. Buong giting na labanan ang pandarahas, pananakot, panggigipit, pamamaslang na ginagawa at gagawin pa ng rehimeng US-Duterte sa layong supilin ang pakikibaka ng mamamayan. Hindi dapat yumukod sa pasismo ng rehimeng Duterte ang masang Mindoreño.

Higit sa lahat, dapat na mabilis na palakasin ang NPA sa pamamagitan ng maramihang pagpapasampa ng pinakamabubuting anak ng masang Mindoreño. Susi ito sa pagbubuo at pagpapalakas ng mga laking platun at laking kumpanyang yunit ng NPA na tatangan sa komprehensibong gawain ng pagtatayo ng baseng masa at pagsusulong ng rebolusyong agraryo at armadong pakikibaka.

Nararapat na ilunsad ng NPA ang matatagumpay na taktikal na opensiba laban sa AFP-PNP-CAFGU at iba pang sagadsaring kaaway ng masa upang parusahan ang mga ito laluna ang may utang na dugo, mga kriminal at sagadsaring pasista. Dapat na gampanan ng NPA ang kanyang tungkulin na ipagtanggol ang pambansa at demokratikong interes ng sambayanang Pilipino.

Ang 50 taong pag-iral ng NPA ay isang dakilang tagumpay ng sambayanang Pilipino. Upang madala sa tagumpay ang pambansa-demokratikong rebolusyon sa susunod na mga taon ng ating pagsulong, mahalagang baliin ang gulugod ng naghaharing estado, pangunahin na ang armadong pwersa nitong AFP-PNP-CAFGU at biguin ang armadong panghihimasok ng imperyalistang kapangyarihan. Upang magawa ito, kailangang patuloy na palakasin ang di-magagaping NPA na may malawak at malalim na suporta ng masang anakpawis at iba pang demokratikong uri at sektor sa Mindoro at sa buong bansa.



SAMAHANG GUARDIANS, IPINAGBAWAL SA MGA BARYO AT KOMUNIDAD!

Ipinagbawal ng Lucio De Guzman Command (LdGC) – NPA Mindoro sa lahat ng mga baryo at sityo na saklaw ng mga larangan at sonang gerilya ang mga samahan ng Guardians at iba pang katulad nito na kinakasangkapan ng AFP–PNP upang lumaban sa rebolusyunaryong kilusan.

Naglinaw ang LdGC–NPA Mindoro hinggil sa patakaran ng rebolusyonaryong kilusan kaugnay ng mga samahan katulad ng Guardians. Ayon kay Ka Madaay Gasic, tagapagsalita ng LdGC "ipagbabawal natin ang pag–oorganisa at pagbubuo ng Guardians sa lahat ng saklaw ng ating mga larangan at sonang gerilya. Inililinaw natin na pagbuwag at paglansag sa Guardians at pagnyutralisa sa mga kasapi nito na wala pang utang na dugo at piniling magbagong buhay ang patakaran ng rebolusyonaryong kilusan. Samantalang ipinapataw natin ang pinakamabigat na parusang kamatayan sa mga napatutunayang gumagampan ng gawaing pang–eespiya, impormer o pag–aasset ng militar, laluna sa mga elementong may utang na dugo at hindi nagbabago – mga kasong kriminal ito laban sa rebolusyonaryong kilusan at mamamayan".

Ayon pa kay Ka Madaay, "nagiging ugat ang Guardians ng pagdududahan at hindi pagtititwalaan sa hanay ng masa. Nagiging kasangkapan ng kaaway ang mga miyembro nito upang manmanan ang kapwa katutubo o kapwa magsasaka at ang hukbo, sa gayon ay nagiging instrumento upang pahinain ang makauring pagkakaisa at aspirasyon ng mga mamamayan para sa tunay na kalayaan at pagbabago ng lipunan".

Dagdag pa, nanawagan si Ka Madaay na agarang buwagin ang mga samahan ng Guardians na naitayo sa loob ng mga larangan at sonang gerilya at himuking sumuko sa NPA ang lahat ng mga naging kasapi nito upang mabigyan ng pagpapatawad at pagkakataong makapagbagong buhay.



ASSET SA BARYO PINATAWAN NG REBOLUSYONARYONG HUSTISYA

Noong Marso 1, 2019 sa Brgy. Panaytayan, Mansalay, Oriental Mindoro, ipinatupad ng isang yunit ng LdGC–NPA ang hatol ng hukumang bayan na parusang kamatayan kay Sityo Lider Jun–jun Isog matapos na ito ay walang pasubaling mapatunayan sa pagkakasalang pang–eespiya laban sa rebolusyonaryong kilusan at mamamayan.

Siya ay isa sa mga asset ng militar na nagpakubkob sa isang yunit ng NPA noong Setyembre 10, 2018 sa Sityo Panhulugan, Mansalay, Oriental Mindoro. Naging pangunahing instrumento din si Isog sa planong pagpapahuli sa isang kumander ng NPA na nakasasaklaw sa kanilang lugar. Bahagi din ng kontra–rebolusyon at kontra mamamayang gawain ni Isog ay manmanan ang kapwa nya magsasaka na pinaghihinalaan ng mga sundalo na may kaugnayan sa rebolusyonaryong kilusan. Ginamit nya ang tiwala sa kanya ng mga NPA at mga kababaryo upang lihim na masubaybayan ang mga kilos at galaw ng mga kasama.

Pumasok sa gawaing pang–eespiya si Isog dahil nasilaw ito sa pangako ng mga militar na bibigyan siya ng pabuyang pera at ipagpapagawa ng magandang bahay ang kanyang pamilya kapag nagawa niyang ipakubkob ang mga yunit ng NPA o mapahuli ang sinuman sa mga miyembro nito sa kanilang lugar. Malinaw sa ipinakita ni Isog na wala ni anumang mabuting maidudulot sa sarili, sa kanyang pamilya lalung–laluna sa kapwa niya magsasaka at katutubong Mangyan ang pagiging impormer ng mersenaryong AFP–PNP– CAFGU.

Pagkatapos, nanawagan ang NPA sa lahat ng mga impormer o asset ng kaaway na sumuko na upang bigyang pagkakataon na makapag-bagong-buhay.



MINDORO AT PALAWAN, POKUS NG BALIKATAN 2019



Bahagi ang Mindoro at Palawan sa tutok ng operasyon ng mersenaryong Armed Forces of the Philippines (AFP) simula sa unang araw ng Abril para sa Balikatan Exercises 2019.

Binibigyang diin ng taunang Balikatan Exercises sa pagitan ng AFP at mga armadong pwersa ng US at Australia ang pagsasanay sa operasyong pandagat at panghimpapawid, gayundin ang operasyong urban, live–firing at operasyong kontra–terorismo.

Tinukoy ang kanlurang bahagi ng bansa bilang focus area dahil sa umano'y namumuong tensyon sa pagitan ng Tsina at Pilipinas sa West Philippine Sea. Ginagamit itong dahilan ng imperyalismong US upang ipatupad ang kanyang plano ng pagpihit sa Asya upang pigilan at labanan ang paglakas ng numero unong karibal nitong bansang Tsina at patuloy na manghimasok sa internal na usapin sa Pilipinas.

Ikinukubli ang tunay na hangarin ng Balikatan sa pamamagitan ng balat–kayong paglulunsad ng mga proyektong sosyo–sibiko tulad ng ginawang medical mission at pagtatayo ng paaralan sa Bataan at Laguna.

Gayunpaman, ang paglulunsad ng taunang ehersisyong militar ay patuloy na banta sa buhay at seguridad ng mga Mindoreño at mga mamamayan sa mga probinsyang sakop ng Balikatan, higit lalo sa mga mangingisda at magsasaka na nakatira kalapit ng paglulunsaran ng kanilang aktibidad. Tiyak na paparami at papatinding mga paglabag sa karapatang tao, pamiminsala ng buhay at ari–arian at paghahasik ng takot ang dala ng presensya ng mersenaryong militar at ang pananatili sa bansa ng armadong pwersa ng impersyalismong US.

SIBILYAN, DINUKOT AT PINASLANG NG AFP-PNP SA ORIENTAL MINDORO

Dinukot si Rustom Sibulan, isang magsasaka ng mga pwersa ng 203rd Infantry Brigade Philippine Army at Philippine National Police (PNP) – MIMAROPA noong Marso 1 sa Tinis–an, Bansud, Oriental Mindoro. Matapos ang magdamag na tortyur, pinaslang si Sibulan sa Brgy. Waygan, Mansalay, Oriental Mindoro noong Marso 2.

Habang sakay ng motorsiklo, pinara at pinababa si Sibulan ng mga sundalo. Tinutukan siya ng baril, pinadapa, at pinosasan ang kamay. Matapos nito ay sinakluban sya ng sako sa ulo at isinakay sa van. Samantala pinagbantaan naman ang kaniyang driver na kanyang apo na papatayin kung hindi kagyat na aalis.



Kinabukasan, natagpuang patay si Sibulan na tadtad ng bala ang katawan at may palatandaan ng tortyur dahil sa mga pasa at pagang nguso.

Ikinubli ng AFP–PNP ang kanilang krimen sa pamamagitan ng gawa–gawang labanan sa Sityo Uraray, Brgy. Waygan, Mansalay, Oriental Mindoro noong Marso 2. Nais nilang palabasin na aktibong Pulang kumander si Sibulan kahit ang totoo ay isang sibilyan.

Si Sibulan ay dating NPA at pinili nang mamuhay na lamang bilang sibilyan kulang sampung taon na ang nakalipas. Ang marahas na pagpaslang kay Sibulan ay nagdulot ng takot sa kanilang pamilya. Pinagbantaan pa ng AFP ang pamilya ni Sibulan na sa bawat may mamamatay na sundalo ay sila ang pagbabalingan.

Samantala, dinukot rin ng AFP–PNP ang pamangkin ni Sibulan na si Onad Sibulan noong Marso 5. Tulad ng ginawa sa kanyang tiyuhin, pinara ng mga elemento ng pinagsanib na AFP at PNP–MIMAROPA si Onad at ang kaniyang pinsan sa kanilang daan pauwi mula sa bayan ng Bansud. Hinampas sya ng baril sa ulo at dinukot ng mga sundalo. Matapos ang anim na oras ng pisikal at mental na tortyur ay pinakawalan si Onad.

Ang pagpatay kay Sibulan ay nagpapakita lamang na ang AFP at PNP ang tunay na terorista. Walang pinagkaiba ang terorismong inihahasik ng rehimeng US–Duerte sa naranasang lagim ng mga Mindoreño noong panahon ng Oplan Habol Tamaraw sa ilalim ng berdugong si Jovito Palparan.

OPERASYONG ISNAYP NG LDGC NPA-MINDORO LABAN SA PROTEKTOR NG PREMIUM MEGASTRUCTURES INC., TAGUMPAY!

Matagumpay na inilunsad ng isang yunit ng Lucio de Guzman Command – NPA Mindoro ang taktikal na opensiba noong ika- 28 ng Pebrero, sa So. Layang-layang, Brgy. Malamig, Gloria, Orienta Mindoro.

Patay si PO3 Edwin Encarnacion, samantalang sugatan naman si PO3 John-John Morente matapos ang operasyong isnayp ng mga Pulang mandirigma laban sa pwersa ng 2nd Provincial Force Company ng PNP na nagbabantay sa Quarry operations ng Premium Megastructures Inc., bandang alas-sais ng gabi.

Nagsisilbing babala ang operasyong ito laban sa mga pribadong kumpanyang mapanira sa kalikasan at kabuhayan ng mga mamamayang Mindoreño at sa mga pwersa ng reaksyunaryong gobyerno na nagsisilbing protektor at kasapakat nito.



ISNAYP LABAN SA PNP-MOBILE FORCE COMPANY, MATAGUMPAY!

Matagumpay na inilunsad ang operasyong isnayp ng isang tim ng LdGC-NPA MIndoro laban sa isang yunit ng PNP-Mobile Force Company na naglulunsad ng operasyon sa Brgy. Maria Concepcion, bayan ng Socorro, Oriental Mindoro noong ika-29 ng Marso bandang alas-sais ng umaga. Isang kaaway ang kumpirmadong tinamaan sa nasabing operasyon.

Ang operasyong isnayp na ito ay tugon ng NPA-Mindoro sa inilulunsad na operasyon ng AFP-PNP laban sa NPA at bilang pagsalubong sa ika-50 taong anibersaryo ng Pulang hukbo.

AKTIBONG DEPENSA, MATAGUMPAY NA NAISAGAWA NG NPA-LDGC

Mahusay na dumepensa ang isang yunit ng LdGC-NPA Mindoro nang atakehin sila ng pinagsanib na pwersa ng 4th IB, 203rd Brigade, Philippine Army at ng PNP First Occidental Mindoro Police Mobile Force Company na nagresulta sa tatlong sunud-sunod na labanan sa Brgy. Mapaya, San Jose, Occidental Mindoro noong ika-23 ng Pebrero.

Dalawa ang kumpirmadong napatay at tatlo ang nasugatang pulis sa tatlong labanan. Napatay sina SPO2 Raymund A. Robles at SPO1 Bonifacio A. Tacuyo Jr. habang walang anumang kaswalti sa panig ng NPA.

ISNAYP SA CAFGU DETACHMENT SA CANTUROY, MATAGUMPAY!

Matagumpay na inilunsad ng isang tim ng Pulang hukbo ang operasyong isnayp sa kampo ng Canturoy, Manoot, Rizal, Occidental Mindoro bandang ika-sampu ng gabi noong Pebrero 24.

Isang putok lang ang pinakawalan ng isnayper ng Pulang hukbo sa nag-iinumang mga CAFGU. Kumpirmadong nasugatan ang isang kaaway. Samantala, gumanti ng putok ang kaaway na umabot ng mahigit dalawang oras. Sa kabilang banda, ligtas na nakaatras ang mga Pulang hukbo.

Ang operasyong isnayp ay inilunsad ng NPA upang parusahan ang kaaway na walang tigil na nandadahas at nananakot sa mga masa.

PANININDIGAN NG MASA

MULA KAY KA PATRICIA ANDAL

Magandang araw sa lahat ng ating mambabasa!

Ako si Ka Patricia Andal, tagapagsalita ng National Democratic Front of the Philippines-Mindoro (NDFP-Mindoro). Una sa lahat ay nagpapasalamat ako sa patnugutan ng ALAB dahil nabigyang tinig ang rebolusyonaryong mamamayan ng Mindoro sa bagong pahina ng ating dyaryo. Sa isang sulok ng ALAB ay magiging regular ang ating talakayan at balitaan na lagi't-laging susubaybayan. Magiging daan ito upang lalo pang pagkaisahin ang mga rebolusyonaryong organisasyong masa ng mamamayang Mindoreño.

Ang NDFP ay alyansa ng mga rebolusyonaryong organisasyon ng mga magsasaka, manggagawa, manggagawang pangkultura, kabataan, kababaihan, Moro, Lumad, Mangyan at iba pang pambansang minorya, taong simbahan, migrante, negosyante, propesyunal at iba pang demokratikong sektor. Ito ang pinakakonsolidadong alyansa ng mga saligang rebolusyonaryong pwersa na nagtataguyod sa bagong demokratikong rebolusyon sa pamamagitan ng digmang bayan. Ito ay nagkakaisang prente para sa armadong pakikibaka. Mayor na tungkulin ng NDFP ay abutin at pagkaisahin ang pinakamalawak na bilang ng mamamayan upang isulong at suportahan ang armadong pakikibaka sa kanayunan.

Ipinagbubunyi ng NDFP – Mindoro ang ika 50 anibersaryo ng NPA. Ang NPA ay binubuo ng mga rebolusyonaryong mamamayan na boluntaryong sumapi at humawak ng armas upang ipagtanggol ang interes ng mga inaapi at isulong ang pambansa-demokratikong rebolusyon. Pagpapatunay ang ika 50 taon ng NPA sa lumalawak, lumalakas at lumalalim na suporta ng malawak na masa sa armadong pakikibaka. Hindi makatatagal at patuloy na makapagpapalakas ang armadong pakikibaka sa Mindoro kung wala ang buu-buong pagsuporta ng mamamayang Mindoreño. Sa kabilang banda, mataas ang pagkilala ng NDFP-Mindoro sa dakilang ambag ng NPA sa mga nakamit na tagumpay ng rebolusyonaryong pakikibaka sa isla. Hindi lalawak, lalakas at tatatag ang rebolusyonaryong pagkakaisa ng mamamayan kung wala ang NPA.

Sa kasalukuyan, nakararanas ng sunud-sunod na pagtaas ng presyo ng bilihin ang masang Mindoreño. Nariyan ang pagsirit ng presyo ng bigas, isda, asukal at iba pang pangunahing pangangailangan sa loob ng tahanang Mindoreño. Pinalala ito ng bagong sistema ng pagbubuwis sa mga mamamayan o mas kilalang "train law" na ipinatutupad ng Rehimeng US-Duterte. Dagdag pa, patuloy ang pambabarat sa mga produktong bukid ng mga magsasaka at Mangyan tulad ng palay, niyog, saging, bundo, sibuyas at iba pang produkto. Tuluy-tuloy din ang pananalasa ng pasistang atake ng rehimeng US-Duterte sa mamamayan ng Mindoro. Noon lamang nakaraang Disyembre 2018, humigit-kumulang sa 100 Mangyan ang sapilitang inaresto at pinasurender bilang mga kasapi ng NPA at milisyang bayan. Nahaharap tayo sa tiranikal na rehimen na desperadong panatilihin ang malakolonyal at malapyudal na sistema gamit ang pinakabarbarikong paraan.

Sa mga panahong tulad nito, wala tayong maaasahan kung hindi ang sarili nating pagkilos at pagkakaisa. Kaya mamamayang Mindoreño, tayo na at magkaisa, manindigan para wakasan ang tiraniya ni Duterte. Kailangang matatag, matapang at mapangahas na ipagtanggol at ipaglaban ang ating mga demokratikong karapatan, ang ating kabuhayan, kapaligiran at igiit ang tunay na kalayaan ng ating bansa. Naniniwala akong wala ni anumang lakas ang makatatalo sa lakas ng rebolusyonaryong pagkakaisa ng mamamayan. Ang mamamayan at ang mamamayan lamang ang mapagpasya sa pagsusulong ng rebolusyon tungo sa tagumpay.

Tayo na mga masa, isulong at dalhin natin sa tagumpay ang pambansa-demokratikong rebolusyon!

Suportahan, plakasin at pakamahalin natin ang NPA, ang tunay na hukbo ng sambayanan!

Ka Patricia



MGA KWENTO NI KA MADAAY

Maalab na pagbati ang ipinapaabot ng buong New People's Army (NPA) – Mindoro sa ilalim ng Lucio de Guzman Command (LdGC) sa muling paglalathala ng ALAB. Bilang pahayagan ng rebolusyonaryong mamamayan ng isla ng Mindoro, nagiging daluyan ang ALAB ng mga balita hinggil sa kalagayan ng mamamayan at rebolusyon sa isla. Gayundin, nagiging saligan ito ng mga Pulang kumander at mandirigma upang magagap ang pagsusuri ng Partido sa mga napapanahong isyu sa eryang nasasaklawan.

Nais kong magpasalamat sa ALAB sa pagbibigay ng isang bahagi para sa akin, ang "MGA KWENTO NI KA MADAAY". Bilang tagapagsalita ng Lucio de Guzman Command, natitiyak ko na magiging epektibo ang sulok na ito bilang ugnay ng mga Pulang hukbo sa malawak na masang rebolusyonaryo ng isla. Aasahan na ninyo, mga mambabasa ng ALAB, ang aking mga balita at kwento hinggil sa kalagayan ng inyong hukbo, mga tagumpay sa pagsusulong ng digmang bayan at mga pangkalahatang aral na nakukuha natin sa patuloy na pagsusulong ng armadong pakikibaka sa isla. Gayunman, napakainam na maging buhay ang ating ugnayan sa pamamagitan ng pagbabahagi ninyo ng sarili ninyong kwento, pagtingin, tindig at komento sa takbo ng ating armadong pakikibaka.

Ako nga pala si Ka Madaay Gasic nagmula sa uring manggagawa. May katagalan na din ako sa rebolusyon, may asawa at mga anak. Madalas ninyong maririnig ang aking boses sa radyo at mababasa ang aking mga pahayag sa mga dyaryo, laluna sa ALAB kaugnay ng mga gawain at paninindigan ng NPA sa isla ng Mindoro.

Napakapalad ko na abutin ang ika-50 taon ng ating Pulang hukbo. Kasama ang daan-daang Pulang mandirigma at kumander, gayundin ang buong mamamayang Mindoreño ipinagdiriwang natin ang mabubungang 50 taon ng ating hukbong bayan. Sa limang dekada, patuloy nating inaani ang mga tagumpay at hinahalawan naman ng mga aral ang mga kabiguan.

Nag-aalab sa lahat ng sulok ng Mindoro ang landas na pinapula ng mga daan-daang nagbuwis ng kanilang buhay para sa sandatahang pakikibaka. Marapat nating ibigay ang pinakamataas na pagpupugay sa lahat ng rebolusyonaryong martir ng ating isla.

Sa pagsalubong sa anibersaryo ng NPA, inumpisahan natin ang unang kwarto ng 2019 sa pamamagitan ng pagpapakita ng kagitingan ng ating hukbo, gayundin ng nakikibakang sambayanang Mindoreño. Ipinagbunyi ng sambayanan ang matagumpay na pamamarusa sa mapaminsalang hydrodam ng Sta. Clara Power Corporation, gayundin ang pamamarusa sa mga sundalong protektor ng mina sa Rizal, Occidental Mindoro at Gloria, Oriental Mindoro. Sinaluduhan din ng sambayanan ang rebolusyonaryong katapangan ng NPA at masa sa matagumpay na aktibong depensa sa serye ng pangungubkob ng pinagkumbinang tropa ng AFP-PNP-CAFGU sa mga yunit ng NPA sa San Jose, Occidental Mindoro at Mansalay, Oriental Mindoro. Tunghayan ninyo ang mga partikular na kwento ng mga tagumpay na ito sa mga pahina ng ALAB. Ibinunga ito ng tuluy-tuloy na pagpapakahusay ng mga yunit ng NPA sa gawaing militar, mahigpit na pagtangan sa disiplina, pagtitiyak sa absolutong pamumuno ng Partido at ng malawak at malalim na suporta ng masang Mindoreño.

Sa kasalukuyan, ang ating hukbo ay binubuo ng mga magigiting na mga anak ng bayan. Ang iba sa kanila ay umedad na sa loob ng rebolusyon samantalang ang karamihan ay mga kabataang tumanggap ng hamon para isulong at ipagtagumpay ang Demokratikong Rebolusyong Bayan (DRB). Patuloy natin itong pinalalakas sa pamamagitan ng isang kampanya sa pagpapasampa sa hanay ng masang Mindoreño. Pangunahin ding isinusulong ng inyong Pulang hukbo ang pagtatagumpay ng rebolusyong agraryo upang tumugon sa kahingian ng mga magsasakang Mindoreño para sa lupa.

Sa kabilang banda, patuloy ang pagbayo ng krisis ng mala-kolonyal at mala-pyudal na lipunang Pilipino sa mga tulad nating karaniwang mamamayan. Ang katulad mong magsasaka ay walang masakang lupa, kung mayroon man ay pilit pang kinakamkam o kinokontrol ng mayayaman. Lagi kang nakabaon sa utang, madalas ay kinakailangan mo uling umutang upang makabayad sa nauna mo nang utang. Napipilitan kang manatili sa mga sistemang hindi makatarungan tulad ng sistemang katulong, sistemang sahuran o kaya naman ay sistemang buwisan. Ikaw, ang katulad mong kabataan ay pinagkaitan ng karapatang makapag-aral dahil sa taas ng gastusin sa pagpasok sa mga eskwelahan. Kung nakapag-aaral ka man ay laging walang katiyakan kung ikaw ay makapagtatrabaho o kaya naman ay isasadlak ka ng reaksyunaryong gubyerno na ibenta nang mura ang iyong lakas paggawa sa mga dayuhan. Tayong lahat ay may kanya-kanyang kwento kung paano natin nararamdaman at nararanasan ang krisis ng lipunang Pilipino. Ang lahat ng ito ang nagtitiyak na wasto ang isulong ang rebolusyon upang palayain ang mga tulad nating karaniwang mamamayan at laging walang wala.



Sa ganitong kalagayan, hinaharap natin ang hamon ng ating Partido na buong giting at buong tapang na paigtingin ang pakikidigmang gerilya at ibunsod ang lahatang panig na paglaban sa Rehimeng US-Duterte, sa gayon ay iabante ang digmang bayan sa mas mataas na antas. Nananawagan ako sa lahat ng mambabasa at mamamayang Mindoreño na samahan akong tugunan ang hamon na ito ng Partido.

Mabuhay kayo at ang rebolusyong Pilipino!

Hanggang sa susunod na isyu ng ALAB,

Ka Madaay



" Tayong lahat ay may kanya-kanyang kwento kung paano natin nararamdaman at nararanasan ang krisis ng lipunang Pilipino. Ang lahat ng ito ang nagtitiyak na wasto ang isulong ang rebolusyon upang palayain ang mga tulad nating karaniwang mamamayan at laging walang wala."







TAGUMPAY NG REBOLUSYONG AGRARYO SA ISLA, PUNDASYON NG KASALUKUYANG LAKAS AT GARANTIYA SA TAGUMPAY NG DEMOKRATIKONG REBOLUSYONG BAYAN

Bilang pangunahing nilalaman ng Demokratikong Rebolusyong Bayan (DRB), ang Rebolusyong Agraryo (RA) ay naglalayon na lutasin ang daantaong problema ng mga magsasaka – ang kawalan o kakapusan ng sariling lupang sinasaka, gayundin ang iba't ibang pagsasamantalang pyudal at malapyudal.

Sa kasaysayan ng isla ng Mindoro, naging maniningning ang mga tagumpay ng RA mula sa pinagsamang lakas ng mga magsasaka, mga Mangyan at mga yunit ng New People's Army na wastong pinamunuan ng Partido. Sa kasalukuyan, pinakikinabangan ng libu-libong pamilyang magsasaka at Mangyan mula sa ilampung libong ektaryang lupang nasaklaw ng mga tagumpay ng RA.

Pagsasamantalang pyudal at malapyudal

Sa isla ng Mindoro, dalawa sa tatlong magsasaka ang walang sariling lupa. Nananatiling konsetrado sa kamay ng iilang panginoong may lupa (PML) ang kalakhan ng lupa dito. Dagdag pa, kontrolado din ng mga PML ang mga kagamitan sa produksyon, industriya sa agrikultura, kalakalan at pamilihan ng produktong agrikultural sa buong isla.

Patuloy na pinahihirapan ang masang magsasaka ng iba't-ibang tipo ng pyudal at mala-pyudal na pagsasamantala. Patuloy na inilulugmok ang mga magsasaka ng napakataas na upa sa lupa, usura, mababang presyo ng palay at produktong bukid at mataas na presyo ng mga kagamitan at iba pang *farm inputs.*

Dahil sa papatinding pagsasamantala, paparami din ang bilang ng mga magsasakang napipilitang ibenta ang kanilang lakas paggawa at nagiging manggagawang bukid. Ang mga manggagawang bukid ay naging alipin na ng mababang sahod sa matagal na panahon at mas lalo pang dumausdos ang kanilang kabuhayan sa paglaganap ng *rice combine harvester*. Malaganap din ang sistemang kabisilya at tampa na pumipiga sa mga manggagawang bukid.

Maniningning na tagumpay

Ang kasaysayan ng Mindoro ay salamin ng mainit na pagyakap ng mga Mindoreño sa DRB at pagtangkilik at pagtaguyod sa rebolusyong agraryo. Kasabay ding pinalakas ng nag-aalimpuyong pakikibaka para sa lupa ng masang Mindoreño ang armadong pakikibaka sa isla.

Mula taong 1980s nakapaglunsad na ng mga RA habang nagpapalakas ang NPA sa isla mula sa pagkakalipol ng ilang naunang yunit nito. Sa panahon na ito, nailunsad ang mga pagpapalayas at okupasyon sa mga pastuhan, paglaban sa usura sa pamamagitan ng pagbawi sa usurero ng labis na siningil na interes at mga kolateral na nasamsam sa mga magbubukid at pagpapataas ng sahod ng mga manggagawang bukid.

Sa maraming mga lugar sa isla, libu-libong ektarya ng lupa ang inagaw at hindi mapakinabangan ng mga katutubo at di katutubong magsasaka na naipailalim sa kontrol ng mga PML sa pamamagitan ng mga pastuhan. Mula pa 1950's naging laganap ang pagkuha ng mga PML ng Pasture Lease Agreement (PLA) na ipinagkakaloob ng reaksyunaryong gobyerno. Dahil sa mga PLA, pinagharian ng iilang pamilya ang libong ektarya ng porestal na kalupaan sa malaking bahagi ng Occidental at Oriental Mindoro. Upang mapanatili at mapalawak ang kanilang mga pastuhan, gumagamit ang mga PML ng mga armadong goons upang takutin ang mga magsasakang katutubo at di katutubo. Sa ilang mga kaso, hinahayaan ng mga may pastuhan ang kanilang mga baka na manalasa sa mga kaingin at pananim ng mga magsasaka hanggang mapalayas ang mga ito.

Pinangunahan ng NPA ang pagwasak sa mga pastuhan ng mga despotikong PML at pagbabalik ng mga lupaing ito sa mga magsasaka at katutubo. Masiglang tumugon rito ang mamamayang Mindoreño mula timog hanggang hilaga ng isla.

Sa isang bayan sa Oriental Mindoro, noong taong 1984, nireyd ng isang yunit ng NPA ang isang pastuhan. Sinamsam ang mga baril at iba pang kagamitan sa loob ng *rest house* ng may ari ng pastuhan, matapos na maideklara bilang kaaway ng mamamayan dahil sa pangangamkam ng lupain ng mga Mangyan; pag-aalpas ng mga baka na nagdulot ng malaking pinsala sa mga kaingin ng mga setler at mga Mangyan sa lugar; paggamit ng mga armadong goons at bantay sa kanyang pastuhan na nandahas at nanakot sa mga magsasaka.

Bilang tugon dito ng masang magsasaka, ikinasa naman ng mga milisyang bayan (MB) ang ambus sa mismong may-ari ng pastuhan nang sumunod na taon. Bagamat hindi tinamaan ang may-ari ng pastuhan, ito na ang naging huli niyang pagtuntong sa nasabing pastuhan.

Idineklarang tagumpay ang ambus at kagyat na pinaghandaan ng NPA at ng masa ang paglalansag ng pastuhan. May humigit kumulang 200 masa – bata, babae, matanda, kalalakihan at kabataan ang dumalo sa pulong paghahanda. Kinumpiska ang lahat ng kagamitan at hayop sa pastuhan at tuluyang nilansag ang mga natitira pang armadong tauhan.

Ang tagumpay na ito ay labis na ikinasaya ng maraming magsasaka kapwa katutubo at di katutubo. Idinaos ng mga magsasaka ang pangkalahatang pulong kung saan isinaayos nila ang pagbubuo ng isang samahan. Dito nila binuo at pinagtibay ang mga patakaran sa lupaing matagumpay na naipamahagi na tinawag nilang lupaing RA. Isinagawa nila ang pagsusukat ng mga pusisyon at nagpalabunutan ang mga nagrehistro ng pagnanais na pumusisyon sa lupa.

Dahil sa mga naging tagumpay katulad nito at sa wastong pagturok ng mga yunit ng NPA at Partido sa pangunahing kahingian ng mga Mangyan, naging dahilan ito ng pagsigla ng pagsampa sa hukbong bayan ng mga katutubong Mangyan. Ang mga naunang sumampang Mangyan ang naging katuwang ng mga yunit ng hukbo sa pagpapalawak ng eryang nakikilusan at pag-abot pa sa mas maraming mamamayang katutubo sa isla.

Taong 1980's din nang naging popular naman sa mga Mangyan Buhid ang "salop ni Tagubi". Ito ang ginamit ng mga Mangyan Buhid upang labanan ang pandaraya ng mga negosyanteng namimili ng mga produktong bukid tulad ng kape at mais sa Bongabong, Oriental Mindoro. Ginamit nila ang "salop ni Tagubi" bilang istandard na panukat sa ibinebenta nilang mga produktong bukid dahil matagal na silang dinadaya sa sukatan ng mga negosyanteng namimili. Habang noong maagang yugto ng dekada nubenta ay naipagtagumpay naman ng mga Buhid at di katutubong magsasaka ang laban sa di makatwirang sistemang talsik. Sa sistemang talsik, hindi na binabayaran ng mga negosyanteng namimili ang piraso ng saging na hindi aabot sa lima at tinatawag itong talsik. Sa tagumpay nilang ito, naging por piraso na ang pagbili sa saging hanggang sa kasalukuyan.

Samantala ang masang magsasaka sa kapatagan ay naging mapangahas at buong tapang na ipinagtagumpay ang mga laban sa RA sa tulong ng NPA at sa gabay ng Partido.

Noong 1980, naglunsad ang mga magsasaka ng Sablayan, Occidental Mindoro ng pakikibaka para sa pagpapababa ng singil sa irigasyon kasabay ito ng matagumpay na pagpapalayas sa mga pastuhan sa dalawang bayan sa Oriental Mindoro. Naipagtagumpay din ng pinagsamang lakas ng masang magsasaka, NPA at Partido ang mga laban sa mga asyenda at kumpanya ng malalaking PML at burgesya-kumprador sa isla.

Ang laban ng mga magsasaka sa Aquaphil ay naging matingkad na pakikibakang magsasaka sa isla. Umani ito ng suporta mula sa iba't ibang mga grupo sa loob at labas ng bansa. Nakaranas ng labis na kabangisan at panunupil ang mga magsasaka sa kamay ng mga *goons* at *security guard* ng Aquaphil. Nakita ng mga magsasaka na hindi magiging matagumpay ang kanilang laban kung wala ang armadong pakikibaka. Dahil dito, nagsama-sama ang mahigit sa 30 magsasaka at naghanap ng ugnay sa NPA at nagboluntaryong magpultaym sa hukbong bayan. Matagumpay na napalayas ang PML at nasarili ng masang magsasaka ang lupa sa pamamagitan ng pagkakaisa at pagpapalakas sa armadong pakikibaka.

Sa paglaganap ng mga tagumpay ng rebolusyong agraryo sa isla, naitayo ang mga organo ng Partido gayundin ang mga komite sa depensa at milisyang bayan. Nakapagpasampa din ang mga magsasakang nagtagumpay sa RA ng daan-daan sa hukbong bayan. May isang erya ng RA na higit 60 ang sumampa at ang isa naman ay mahigit na 70. Patunay ito na saan man may matatagumpay na RA, ito ay di matutuyuang balon ng suporta at lakas-tauhan para sa hukbong bayan. Ang ilan sa mga sumampang magsasaka ay





naging mga bayani at martir na ng rebolusyon sa isla, naging mga kadre at kumander ng Partido at NPA at ang marami ay nananatili pa ring kumikilos sa loob ng hukbong bayan sa kasalukuyan.

Inabot sa isla ang pagpapatupad ng maksimum na layunin ng RA – kumpiskasyon ng lupa mula sa PML. May ilang mga panginoong maylupa ang napalayas sa lupang kontrolado nila. Winasak ng hukbong bayan ang kanilang makinarya sa panunupil at sinamsam ang mga kagamitang pag-aari nila at ipinamahagi sa masang magsasaka ang mga lupang napalaya.

Sa balangkas ng RA, binuo din ang mga grupong suyuan ng mga magsasaka. Isa itong pag-igpaw sa maliitan at hiwa-hiwalay na pagsasaka na nagpapanatili sa napakaliit na ani ng mga indibidwal na magsasaka. Nagsilbi itong binhi ng kolektibong pagsasaka na punla at kinakailangan para sa kooperatibisasyon ng produksyon. Habang ang NPA naman ay may isang yunit pamproduksyon na nagtuturo sa masang magsasaka mula sa paghahanda sa lupa hanggang pag-ani at tumutulong na tumuklas ng mas mauunlad na pamamaraan ng pagsasaka.



Isulong ang rebolusyong agraryo, paglagablabin ang armadong pakikibaka

Hindi mapapawi ang kagustuhan ng masang magsasaka na isulong ang RA at sa gayon ay ipagtagumpay ang DRB.

Napatunayan sa kasaysayan ng isla na sa paglakas ng armadong pakikibaka na isinusulong ng NPA, mga rebolusyonaryong masang magsasaka at mga katutubo, nakakamit ang mga tagumpay sa pakikibaka sa lupa. Ang mga tagumpay na ito ang naging diklap sa paglagablab ng rebolusyonaryong diwa ng libu-libong magsasaka at naging inspirasyon nila sa paghawak ng armas at pagyakap sa armadong pakikibaka. Daan-daang magsasaka mula sa mga lugar na may matatagumpay na RA ang piniling sumapi sa NPA at naging mahuhusay na kadreng pampulitika at pangmilitar ng hukbong bayan. Nagsilbi itong pampakilos sa sanlaksang magsasakang katutubo at di katutubo sa iba't ibang gawain sa rebolusyon. Ito rin ang naging susi ng mahigpit na ugnayan ng mga yunit ng NPA at mga katutubong mamamayan sa isla.

Sa pagdakila natin sa ika 50 taon ng pinakamamahal nating New People's Army, napakainam ng panahon upang puspusan nating isulong at ipagtagumpay ang rebolusyong agraryo sa iba't ibang panig ng isla.

Bilang mga reblusyonaryo, tungkulin natin na abutin ang pinakamalawak na masang magsasaka sa mga kapatagan at laylayan na naghihintay lamang na maorganisa at mapakilos habang patuloy na pinatataas ang antas ng organisasyon sa mga katutubong komunidad. Buuin natin ang mga panlipunang pagsisiyasat at patalasin ang pagsusuri sa tunggalian ng uring magsasaka at PML, gayundin ang iba't ibang lumilitaw na relasyon sa produksyon mula sa antas baryo hanggang sa antas isla at iugnay sa pambansang saklaw. Konsolidahin natin ang masang magsasakang katutubo at di katutubo, ilunsad natin ang mga pampulitikang pag-aaral upang maitaas ang antas ng kanilang makauring kamalayan. Ihanda natin sila sa mga matatalas na tunggalian laban sa mga ganid na PML at mga mapanupil na instrumentalidad nito tulad ng armadong pwersa ng AFP-PNP, kulungan at batas ng naghaharing estado at ibunsod ang iba't ibang antas ng pakikibakang magsasaka. Tiyakin natin ang wastong pamumuno ng Partido, paglalapat ng wastong linyang masa at ipagtagumpay ang mga RA.

Ang mga tagumpay sa RA ang lilikha ng papalalim at papalawak na rebolusyonaryong baseng masa at magpapadaluyong sa masang magsasaka patungo sa pagtangan ng armas at pagsapi sa hukbong bayan. Ang mga ito ang garantisadong magpapalagablab sa demokratikong rebolusyong bayan sa isla. 



REYD SA STA. CLARA POWER CORPORATION, TAGUMPAY NG MAMAMAYAN

"Aba buti pa ang mga NPA may concern sa kalikasan at mga tao ng Mindoro samantalang ang mga pulitiko na nakaupo, sila pa ang nagbibigay permiso para masira ang bundok na ating iniigatan!!!" – (Netizen)

"Pasalamat kayo sa mga NPA at dininig nila mga reklamo nyo. Yung gobyerno, may ginawa bang aksyon sa reklamo nyo? Wala. Kasi sila [ang] mga prtektor at nag-ooperate". (Netizen)

"Tama lang yan sunugin nila. Sinisira nila ung bayan at kabuhayan natin sila lang ang yumayaman dito sa bayan natin ng Or. Mindoro". (Netizen)

Ito ang naging ekspresyon ng kasiyahan at kagalakan ng mamamayang Mindoreño sa social media matapos ang matagumpay na reyd ng isang yunit ng New People's Army (NPA) sa ilalim ng Lucio de Guzman Command (LdGC) sa Sta. Clara Power Corporation (SCPC) sa Barangay Malvar, Naujan, Oriental Mindoro noong Pebrero 26.

Itinayo ng Sta. Clara Power Corporation, isang malaking kontraktor ang isang hydro powerplant noong 2014 at sinaklaw ang 3,000 ektaryang bulubunduking lugar sa itaas ng ilog ng Catuiran sa Brgy. Malvar, Naujan. Nagkakahalaga ang proyektong ito ng 1.9 bilyong piso. Bahagi ang hydro powerplant na ito ng Power Development Plan ng lokal na pamahalaan ng Oriental Mindoro. Sa ilalim nito, nagbibigay ang reaksyunaryong gobyerno ng mga kontrata sa mga malalaking lokal at dayuhang mga kumpanya upang magdebelop ng ibang mapagkukunan ng kuryente maliban sa *fossil fuel*. Bahagi ng minatamis na propaganda, para pagtakpan ang mga mapanirang proyektong tulad ng SCPC, iwinawagayway ng lokal na pamahalaan na itutulak diumano ng mga proyektong ito ang paglakas ng industriya at pag-unlad ng ekonomiya.

Sa katotohanan, mula sa pagtatayo ng SCPC hanggang sa aktwal na operasyon nito ay perwisyo ang idinulot sa mamamayang Mindoreño. Inagaw nito sa mga katutubong Mangyan ang kanilang lupaing ninuno. Noong 2015, matapos ang bagyong Nona, higit sa kalahati ng populasyon ng Oriental Mindoro ang nakaranas ng matinding pagbaha ng putik o "banlik" (mudflood). Higit 10 tao ang namatay at higit P1.5 bilyong halaga ng imprastraktura at P2.5 bilyong halaga ng produkto at kagamitan sa agrikultura ang nasira. Dahil sa tuluy-tuloy na underground blasting at pagputol ng mga punong kahoy (logging) ng SCPC, gumuho ang lupain sa mga kabundukan at nagkaroon ng malalaking mudflood o "banlik" sa maraming bayan ng Oriental Mindoro.

Bukod sa naging kahirapan ng mga Mindoreño sa pagsasalba at paglilinis ng kanilang mga bahay at iba pang ari-arian, hindi rin naging produktibo ang mga pananim na naapektuhan ng banlik. Ayon sa mga magsasaka, aabutin ng ilang taon bago makabawi ang lupa mula sa banlik kaya naman matagalang kagutuman ang hinarap ng mga Mindoreño. Dinaranas nila ang matinding inhustisya.

Malinaw na hindi nakinabang ang malawak na mamamayang Mindoreño sa SCPC, subalit ang nakikinabang lamang dito ay mga dayuhan, mga lokal na naghaharing uri kasabwat ang ilang mga lokal na pulitiko na pumayag sa proyektong ito. Bagaman, maituturing na kabilang sa mga Renewable Energy Projects (REP) ang proyekto ng SCPC, malinaw na winasak nito ang kapaligiran, kabuhayan at buhay ng mga Mindoreño. Perwisyo at hindi serbisyo ang ibinigay nito sa mamamayan.





Noong Pebrero 27, 2017, nagprotesta ang higit 6,000 Mindoreño sa Calapan City upang humingi ng hustisya para sa mga biktima ng trahedyang dala ng SCPC subalit nagkibit balikat lamang ang lokal na pamahalaan. Buong kasinungalingan namang pinagtakpan ng Mines and Geosciences Bureau (MGB) Region-4B ang SCPC at sinabing ang sobra-sobrang ulan ng bagyong Nona ang dahilan ng pagbaha. Dagdag pa, nagmimistulang private army ng proyektong ito ang reaksyunaryong pulisya at sundalo.

Bilang bahagi ng rebolusyonaryong hustisya at tugon sa panawagan ng mamamayang Mindoreño, nireyd ng NPA ang kumpanyang SCPC. Noong Pebrero 26, bandang alas tres ng hapon, pinasok ng Pulang hukbo ang SCPC. Hindi gumamit ng putok ang mga nag-operasyong hukbo. Tinipon nila ang mga manggagawa sa kompanya at pinaliwanagan. Upang epektibong maparalisa ang operasyon ng plantang hydro, sinunog ng hukbong bayan ang 20 heavy equipment, isang crusher at isang batching plant. Kasabay nito, nakumpiska ang isang shotgun, isang 9mm pistola, tatlong laptop, 15 Icom radio kasama ang base radio at iba pang gamit.

Matapos ang reyd, agad naramdaman ng Pulang hukbo ang pasasalamat at kasiyahan ng masa. Ang mga masang nakasalubong at nakasaksi sa operasyon laban sa SCPC, ay mahigpit na yumakap sa pwersa ng NPA dahil sa kagalakan. Ang mga katutubong nadaanan ng NPA sa panahon ng pag-atras ay sumisigaw ng pasasalamat at suporta.

Sinaluduhan ang NPA, di lamang ng mga masa sa paligid ng SCPC kung hindi pati ng mga mamamayan mula sa ibang panig ng bansa at mga nagmamahal sa kalikasan. Hanggang sa social media ay masigabong ipinahayag ng mamamayan ang kasiyahan at pasasalamat sa NPA.

Dapat magsilbing babala ang hakbang pamamarusa laban sa SCPC sa mga dayuhan, malakihan, at mapanirang proyekto sa mina at enerhiya. Naninindigan ang rebolusyonaryong kilusan na hindi dapat magpatuloy ang mga REP na lumalabag sa karapatang tao, sumisira sa kabuhayan ng mamamayan, at nagwawasak sa kalikasan gaya ng plantang hydro ng SCPC.

Sa kabilang banda, mahalagang mailinaw na hinihikayat ng rebolusyonaryong kilusan ang episyenteng paggamit ng mga *renewable energy sources* ng bansa para sa kapakinabangan ng mamamayang Pilipino. Ang mga REP ay dapat kontrolado at pag-aari ng mamamayan at hindi ng mga dayuhan at iilang naghaharing uri. Dapat itong magsilbi sa kapakanan ng mamamayan at hindi maging sagka sa kanilang kabuhayan. Gayundin, dapat tiyakin na hindi makasisira sa kalikasan at sa balanse ng biodiversity ang mga REP.

Ang patakarang ito ay maglilingkod sa itatatag na ekonomyang umaasa-sa-sarili na malaya sa dayuhang monopolyong kapitalismo at pyudalismo kung saan ipatutupad ang tunay at puspusang reporma sa lupa; isasagawa ang pambansang industriyalisasyon; at titiyakin ang makatarungan at masaganang kabuhayan ng mamamayan; poprotektahan ang pambansang patrimonya at kalikasan.


Sa ganitong balangkas isinusulong ng rebolusyonaryong mamamayan at buong rebolusyonaryong kilusan ang pagtatayo ng mga renewable energy projects sa buong bansa.





TANGGOL MANGYAN

89 KATUTUBONG MANGYAN, BIKTIMA NG ILIGAL NA PAG-ARESTO AT PAGDITINE



Sa balangkas ng Oplan Kapayapaan ng rehimeng US-Duterte, patuloy na dinadahas ang mamamayang Pilipino partikular ang mga Mangyan ng isla ng Mindoro. Noong Disyembre 2018, 89 na mga Mangyan Buhid ang iligal na inaresto at idinitine ng mga elemento ng Bravo Company 4th Infantry Batallion Philippine Army (IBPA) mula sa Sitio ng Dayaga, Yabat, Upper Cuywan, Timbangan, at Mabanban, Brgy. Naibuan, San Jose, Occidental Mindoro.

Mula Disyembre 7 pumasok ang mga berdugong sundalo sa mga nabanggit na sityo at naghasik ng dahas at pananakot. Ginalugad nila ang mga komunidad at sapilitang pinasuko at pinaamin ang mga residente bilang mga kasapi ng New People's Army. Sapilitang pinasok din ang bahay ng mga katutubo at ninakaw ang mga alagang hayop. Isinailalim naman ng mga berdugong sundalo sa pagkontrol o hamletting ang mga Sitio ng Upper Cuywan at Yabat upang tiyakin umano na "walang makatakas" sa mga residente.

Dinala ang 89 katutubo sa kampo ng 4th IB sa Brgy. Murtha kung saan hiwa-hiwalay silang isinailalim sa matinding interogasyon. Pilit silang pinaamin na sila ay kasapi ng milisyang bayan. Sa kabila ng paggigiit ng mga katutubo na sila ay mga sibilyan at nararapat lamang na agaran silang pauwiin, tuwiran silang binansagan at idineklarang mga kasapi ng milisyang bayan. Matinding takot ang naramdaman ng mga katutubo dahil alam nilang mananatili silang target ng mga atake ng mga berdugong sundalo.

Matapos ito, ang lahat ng mga biktima ay inobligang magreport sa kampo minsan sa isang buwan. Sa pamamagitan ni Corporal Lerma Bulaklak - isa sa mga tusong tagapamandila ng proyektong pangkabuhayan ng 4th IB - pinangakuan ang mga katutubo na bibilhin ang kanilang mga ibinebentang walis. Sa pamamagitan nito, makakapag-ulat sila at namomonitor ng mga sundalo ang kanilang aktibidad dahilan upang tuwirang mawala ang kanilang karapatan sa malayang pagkilos.

Tahasan itong mga paglabag sa karapatan ng mga sibilyang katutubo. Ang iligal na pag-aresto at pagditine, iligal na pagpasok sa mga bahay at pagnanakaw, *hamletting* o pagkontrol sa mga komunidad, pananakot, *harassment* at intimidasyon, gayundin ang patuloy na banta sa buhay ng mga biktimang katutubo ay muling dagdag sa madugo at marahas na rekord ng 4th IB sa mamamayan ng isla ng Mindoro. Paulit-ulit nang nilabag ng 4th IB ang mga internasyunal na batas tulad ng International Humanitarian Law (IHL) at Geneva Convention na nagpapahalaga sa karapatan ng mga sibilyan sa balangkas ng digmaan. Gayundin, buong bangis nilang ipinawawalang saysay ang Comprehensive Agreement on the Respect for Human Rights and International Humanitarian Law (CARHRIHL) na pinirmahan ng reaksyunaryong gobyerno sa mga nakalipas na usapang pangkapayapaan sa pagitan ng Government of the Republic of the Philippines (GRP) at National Democratic Front of the Philippines (NDFP).

Hindi na makakayang itago ng 4th IB at ng buong AFP ang kanilang tunay na mukha, kahit ilang proyektong pangkabuhayan pa ang ibigay o ipangako nila sa masang mamamayan ng Mindoro.

Dapat pagbayarin ang 4th IB sa lahat ng krimen nito sa mga katutubo sa isla! Dapat palakasin ng mamamayang Mangyan ang kanilang pagkakaisa upang igiit ang kanilang mga demokratikong karapatan at kahingian. Bilang mga sibilyan, dapat nilang papanagutin ang mga sundalo sa lahat ng mekanismo na kaya nilang abutin. Dapat din silang makipagkaisa at makipagkaibigan sa mga taong simbahan, propesyunal at iba pang sektor. Sa kabila ng lahat ng ito, ang mga paglabag sa karapatang tao, pagiging brutal at panlilinlang ng AFP-PNP at ang kawalang hustisya ang magtutulak sa mga Mangyan na tumahak sa landas ng rebolusyon.



Ito ang pinakabagong bahagi ng ALAB kung saan ilalathala ang iba't ibang paglabag sa karapatang tao sa mga katutubong Mangyan sa balangkas ng IP Centric Approach na ipinatutupad ng Rehimeng US-Duterte sa ilalim ng Oplan Kapayapaan. Kaya asahan sa mga susunod na mga isyu ng ALAB ang iba pang balita hinggil sa kalagayan at pakikibaka upang ipagtanggol ang karapatang tao ng katutubong Mangyan ng isla ng Mindoro.

PINALALALA NG KATIWALIAN ANG EPEKTO NG EL NIÑO

Sa kasagsagan ng reaksyunaryong eleksyong 2019, hindi lamang lupa ang natuyo dahil sa El Niño. Maging ang kaban ng bayan na dapat ilaan para sa mga biktima ng tagtuyot ay sinasaid dahil sa garapalang paggamit nito ng mga tiwaling pulitiko para sa pamimili ng boto.

Ganito pinalalala ng reaksyunaryong gubyerno ang epekto ng kalamidad. Walang pinag-iba ang kasalukuyang rehimeng Duterte sa sinundan nitong rehimeng Aquino na nagpasasa rin sa kaban ng bayan at mga donasyon ng mga institusyon at organisasyong lokal at internasyunal nang salantain ang bansa ng superbagyong Yolanda.

Maagang pabatid ng El Niño

Taun-taon nagaganap ang penomenong El Niño o ang pagtaas ng temperatura sa bahaging gitna o equitorial ng Karagatang Pasipiko. Sing-aga ng taong 2010, may pabatid na ang mismong mga ahensya ng gubyerno, pangunahin ang Philippine Atmospheric, Geophysical, and Astronomical Services Administration (PAGASA) sa mararanasang tagtuyot sa panahon ng El Niño.

Kadalasan sa mga buwan ng Marso hanggang Mayo, dumaranas ang mga bansa sa rehiyon ng Asya-Pasipiko ng tagtuyot o drought at matinding init o dry spell. Para sa mga magsasaka at ordinaryong mamamayan, mala-impyernong yugto ito ng taon kung saan natutuyo ang pinagmumulan ng tubig para sa mga sakahan at maging sa pang-araw-araw na gamit.

Ayon sa PAGASA, nakararanas ang bansa ng tagtuyot sa panahon ng El Niño tuwing 10 taon bago ang taong 2000 ngunit umiksi na ito ng tuwing limang taon simula 2010, kung saan nakaranas ng matinding tagtuyot noong 2010, 2015 hanggang 2016, at ngayon ngang 2019.

Ngayong Abril, aabot sa 51 lalawigan ang makararanas sa buong bansa ng tagtuyot, samantalang matinding init naman sa natitira pang 32 lalawigan. Pinakamalala ang mararanasan ng 16 na lalawigan kabilang ang Occidental at Oriental Mindoro kung saan tagtuyot pa rin hanggang Hunyo.

Pinsala sa agrikultura, banta ng kagutuman

Matinding kagutuman, hindi lamang sa mga magsasaka kundi sa buong sambayanan ang dulot ng El Niño.

Sa konserbatibong pagtaya ng Department of Agriculture (DA), umabot na umano sa 4.35 bilyong piso noong Marso 31 ang pinsala sa sektor ng agrikultura o katumbas ng 233,007 metriko-tonelada (mt) ng iba't ibang pananim. Sa laki ng pinsalang ito, tinaya ng gubyernong aabot lamang sa 140,000 magsasaka at 150,000 ektaryang sakahan ang apektado.

Sa parehong pagtaya, palay ang pangunahing napinsala sa halagang 2.69 bilyong piso o katumbas ng 126,000 mt. Samantala, 1.66 bilyong piso naman ang pinsala sa mais o katumbas ng 90,100 mt.

Malaki ng tatlong ulit ang napaulat na pinsala kumpara sa 1.33 bilyong piso lamang noong Marso 19. Inaasahang aabot na ito ng 5.05 bilyong piso pagpasok ng Abril, kung saan lubhang tataas ang epekto sa mais sa talang 2.36 bilyong piso o 151,000 mt.

Gayunman, tiyak na mas malaki pa ang aktwal na pinsala kung isasama ang mga kaingin ng mga katutubo at magsasakang setler at mga sakahang hindi kinikilala ng DA at Department of Agrarian Reform.

Sa Occidental Mindoro, iniulat naman ni Provincial Agriculturist Sofronio Baranda na noong Marso 24 aabot na sa 160 milyong piso ang pinsala ng tagtuyot, kung saan 49 milyong piso ang sa bayan ng San Jose.

Mas malaking kalamidad ng pagpapabaya

Habang ipinagyayabang ng mga ahensya ng gubyerno ang mga tugon nito sa tagtuyot, sa sumatutal ay wala itong kumprehensibong pagtugon sa kalamidad. Higit sa pinsala ng El Niño, mas matinding pinsala ang idinudulot ng pagpapabaya ng rehimeng US-Duterte, sa pagkakait ng agarang ayuda at pangmatagalang mga solusyon.

Malala pa, pagpapautang sa halip na libreng serbisyo ang hatid ng DA sa halagang 95.88 milyong piso lamang, na kung tutuusin ay wala pang 2 porsyento ng kabuuang pinsala sa agrikultura ng El Niño. Ipinagyabang pa nga ng DA ang mga bigong cloud seeding na gumastos ng 18.3 milyong piso.

Nakatakdang ihapag sa pulong ng gabinete sa Abril ang pagbubuo ng Department of Water at Department of Disaster Resilience ng mga tagaplano sa ekonomiya ng rehimeng US-Duterte. Ihahapag din ang panukala ng National Disaster Risk

Reduction and Management Council at National Economic Development Authority na inter-agency "Task Force on Zero Hunger" at "El Niño Task Force." Inutil ang lahat ng ito dahil wala sa mandato nito na kumprehensibong isulong ang kaunlarang rural ng lipunang atrasado at preindustriyal tulad ng Pilipinas.

Sa mga lalawigan, iniipit ang upisyal na pagdedeklara ng "under state of calamity" (USC) dahil sa gitgitan ng mga kandidato sa eleksyong 2019. Bagamat Pebrero pa napaulat ang tagtuyot sa ilang bahagi ng lalawigan, Marso 5 lamang ang pinakamaagang deklarasyon ng USC. Pinakaunang nagdeklara ang Sablayan, kasunod ang San Jose at Rizal. Samantala, ikatlong linggo na lamang ng Marso nagdeklara ng USC ang Sangguniang Panlalawigan ng Occidental Mindoro. Malakas ang pagtutol ng ilang oposisyon sa lalawigan na magdeklara ng USC sa pangambang gamitin ang calamity fund bilang pondong pangkampanya ng mga nakaupo sa poder na kumakandidato rin sa kasalukuyang eleksyon.

Ganito nga ang nagaganap sa Occidental Mindoro kung saan garapalang ipinambibili ng boto ng pangkating Ramirez-Sato ang calamity fund sa mga papulong nito sa mga barangay.

Rebolusyon laban sa kalamidad

Tanging ang programa para sa rebolusyong agraryo at pambansang industriyalisasyon ang maglalatag ng mga kundisyon upang mahusay na maharap ang epekto ng kalamidad sa Pilipinas, kabilang na ang tagtuyot na dala ng El Niño. Ito ang ilalatag ng itinatayong bagong Demokratikong Gubyernong Bayan sa kasalukuyang yugto ng rebolusyong Pilipino.

Sapat pa ang maaaring pagmulan ng tubig ng isang bansang kapuluan at tropikal tulad ng Pilipinas. Higit na mapaparami pa ito kung ipatutupad ang makabansang rehabilitasyon ng mga kagubatang kinalbo at winasak ng dayuhan at dambuhalang pagtotroso, pagmimina at agro-plantasyon ng mga komersyal na puno.

Sa pamamagitan ng rebolusyong agraryo, isusulong ang sustenableng agrikultura na hindi nakasandig sa mga dayuhang kemikal at gamot pansaka. Sa pamamagitan ng pambansang industriyalisasyon, itatayo ang mga batayang industriya na kailangan para sa modernisasyon at industriyalisasyong rural nang sa gayo'y mapaunlad at makumpleto ang libreng irigasyon ng lahat ng sakahan sa buong bansa at gamitin ang bentahe ng mekanisadong pagsasaka para sa mabilis at malakihang produksyong agrikultural. Tutugunan ng pambansa-demokratikong programang ito ang pangangailangan sa sapat na pagkain ng sambayanan sa loob ng ilang taon upang tiyaking walang magugutom.




Pinatunayan ng mga nakaraang rebolusyong pambansa-demokratiko at ang kasunod nitong sosyalistang transpormasyon gaya sa Russia, China at Vietnam ang pagtatagumpay ng ganitong rebolusyonaryong programa.

Dapat magbangon ang sambayanan laban sa isang bangkaroteng gubyerno na inaabandona ang obligasyon nitong maghatid ng tunay na serbisyo, lalo na sa panahon ng kalamidad. Sa kagyat, nararapat na padagundungin sa mga lansangan ng Mindoro at ipagtagumpay ang panawagan para sa subsidyong pagkain para sa bawat pamilyang magsasaka. Ilantad at labanan ang kasuklam-suklam na katiwalian ng gubyerno at mga kandidato sa nalalapit na eleksyon na ginagamit ang calamity fund para sa kanilang kampanya.

Kasabay nito, isinusulong sa mga sona at baseng gerilya ang minimum na programa ng rebolusyong agraryo upang tuwirang iangat ang kalidad ng pamumuhay ng masang magsasakang isinasadlak sa kahirapan ng mga anti-mamamayang batas at programa ng rehimeng US-Duterte na pinalala ng epekto ng tagtuyot. Kaakibat nito ang pagsusulong ng armadong pakikibaka ng New People's Army at militanteng paglaban ng higit na lumalawak na baseng masa. Tanging sa tagumpay ng rebolusyong Pilipino lamang kumprehensibong masasalag ang epekto ng kalamidad tulad ng El Niño at matitiyak ang paglaya ng sambayanan sa kahirapan.

PINAKAMATAAS NA PAGPUPUGAY SA MGA MARTIR AT BAYANI NG REBOLUSYON SA ISLA NG MINDORO



Nag-aalay ng kaisa-isang buhay para sa sambayanan ang isang tunay na rebolusyonaryo. Pinaliliyab ng kanilang dugo ang lupang matagal nang nagbabaga sa apoy ng pakikibaka! Ang kanilang dugo ang pumapawi sa pagka-uhaw ng lupa sa hustisya at kalayaan. Ang kanilang buhay ay testamento ng kagustuhan ng mamamayang palayain ang kanilang sarili mula sa pagsasamantala at pang-aapi ng naghaharing sistema.

Sa paglagablab ng rebolusyong Pilipino sa loob ng 50 taon, marami na ang nagbuwis ng kanilang buhay alang-alang sa bayan. Binibigyan ng pinakamataas na pagdakila at pagpupugay ng rebolusyonaryong kilusan at ng mamamayang Pilipino ang kanilang kadakilaan. Hindi ito matutumbasan ng kahit na anong materyal na bagay sapagkat ang kanilang kabayanihan ay magsisilbing inspirasyon sa pagpapatuloy ng nasimulang laban.

Silang tulad nina **Reynante Andal, Lucio de Guzman, Bienvenido Valleber, Ignacio Magadia, Emily Paner, Eduardo Serrano, Aileen Serna** at ang iba pang mga martir na nag-alay ng natatangi nilang buhay para sa Rebolusyong Pilipino ay marapat na kilalanin ng mamamayang lumalaban. Sila ay ilan sa mga bayaning nagpundar at nagpalawak ng mga baseng masa at nagsimula ng armadong pakikibaka sa Mindoro. Sila ay ilan sa mga bayani na inialay ang kanilang buhay at nagmarka sa mahahalagang yugto ng armadong kilusan sa isla tungo sa ika- limampung taong anibersaryo ng New People's Army sa buong bansa.

Si **Reynante "Ka Rey" Concha Andal** ay isang kabataang-estudyante mula sa Maynila at tubong Pinamalayan, Oriental Mindoro. Noong panahon ng Sigwa ng Unang Kwarto (First Quarter Storm o FQS), nagpasya siyang tumungo sa kanayunan upang mag-organisa sa hanay ng magsasaka. Naging kasapi at tagapagsalita siya ng Kilusang Kristyano ng Kabataang Pilipino (KKKP). Sa sariling pagsisikap at inspirasyon ng diwa ng FQS, sinimulan nila ang paglulunsad ng armadong pakikibaka sa Mindoro. Ngunit noong Nobyembre 19, 1973 ay pinaslang sya kasama ang iba pang kabataang-estudyante nang sila ay kubkubin sa Calubayan, Soccoro, Oriental Mindoro. Isa si Ka Rey sa mga unang nagsikap na magbukas ng mga larangang gerilya sa isla ng Mindoro.

Si **Lucio "Ka Cito" de Guzman** ay taga-Quezon City at panlima sa pitong magkakapatid. Namulat siya sa loob ng seminaryo. Sumapi siya sa Samahang Demokratiko ng Kabataan noong 1970. Sa panahon ng kasagsagan ng FQS noong 1970, sumapi si Ka Cito sa New People's Army at nadestino sa Bicol. Noong 1982, itinalaga siya sa Mindoro at tumayo bilang kalihim ng Komite sa Isla ng Mindoro hanggang sa kanyang pagkapaslang noong ika-7 ng Nobyembre, 1987. Isa si Ka Cito sa naging matibay na haligi ng isla sa pagpapayabong ng pwersa ng hukbo at pag-oorganisa sa hanay ng masa. Ipinangalan kay Kasamang Lucio de Guzman ang kumand ng New People's Army sa isla ng Mindoro.

Si **Bienvenido "Ka Brendo" Valleber** ay nagsimulang kumilos sa hangganang Quezon-Bicol at ipinadala sa Mindoro para sa pagbubukas ng sonang gerilya sa bahaging Oriental. Nakadalo siya sa Unang Pang-islang Kumperensya ng Partido at nahalal bilang kagawad ng Komite sa Isla ng Mindoro.

Kilala si Ka Brendo sa kaniyang ambag sa rebolusyong agraryo sa isla. Sa pagkilala sa kanyang ambag sa RA, hinalaw ang bansag na "salop ni Tagubi." Ito ang ginamit ng mga magsasakang katutubo at di katutubo upang labanan ang pandaraya ng mga negosyanteng mamimili sa pagsukat ng produktong bukid tulad ng mais. Ang salop ni Tagubi ay ang paggamit ng istandard na panukat ng produktong bukid. Inilipat siya sa Palawan bilang reimporsment noong 1989. Nagkasakit siya sa Palawan at namatay noong Abril 1990 dahil sa malarya sa edad na 37. Ipinangalan kay Kasamang Bienvenido Valleber ang kumand ng NPA sa Palawan.

Si **Ignacio "Ka Rote" Claveria Magadia**, may-asawa at isang anak, taga-Cabugao, Bulalacao, Oriental Mindoro ay namulat noong 1985 at naging tagapangulo ng pambaryo at pambayang organisasyon ng mga magsasaka sa Bulalacao, Oriental Mindoro. Sumampa siya sa hukbo noong 1989 at naging kagawad ng Sosyo-eko tim ng Komiteng Distrito sa dulong timog ng Oriental Mindoro. Liban dito, gumampan siya ng iba't ibang gawain sa hukbo, gawaing masa at gawaing militar. Nasawi sya sa labanan noong ika- 11 ng Disyembre 2002 sa Brgy. San Cristobal, Victoria, Oriental Mindoro sa pagitan ng Pulang hukbo at tropa ng 19th SFC mula sa 204th Brigade. Hindi pa nakuntento ang berdugong kaaway at nilapastangan ang kanyang bangkay. Isang mahusay na pulang kumander si Ka Rote, mahal siya ng masa dahil sa mahusay na pakikitungo nya sa kanila.

Si **Emily "Ka Lani" Paner,** 30 taong gulang, ay nagmula sa hanay ng mga kabataang magsasaka na nakapag-aral hanggang kolehiyo. Naging miyembro ng grupo ng kabataan at hindi nagtagal ay sumampa sa hukbo noong taong 2000. May asawa at isang anak at taga Brgy. Labunan, Bongabong, Oriental Mindoro. Mahusay siyang propagandista, organisador at magiting na Pulang mandirigma. Sa higit pitong taong paglilingkod sa Partido at Hukbong Bayan, napaloob siya sa iba't ibang yunit ng NPA sa isla ng Mindoro. Mahabang panahon siyang nasa panlabang yunit at nakasama sa mga taktikal na opensiba at depensibang labanan na nagpanday sa kanyang paninindigan, kakayahan at katapangan. Sa proseso ay sinikap niyang pangibabawan ang mga problema, balakid at limitasyon. Kabilang siya sa iilang kababaihan sa isla na pinili ang mahirap na landas ng armadong pakikibaka at maging bahagi ng rebolusyong magpapalaya sa kalahati ng sambayanang Pilipino.

Si **Eduardo "Ka Eddik/Vocag" Roson Serrano**, 63 taong gulang, may asawa at dalawang anak ay nagmula sa siyudad ng Naga sa Bicol. Nakapagtapos siya ng pag-aaral ng hayskul sa Ateneo de Naga at nakatapos ng kolehiyo sa University of the Philippines Los Baños. Namulat at kumilos mula sa panahon ng FQS noong 1970 sa hanay ng kabataang estudyante. Nagpasya siyang kumilos ng buong panahon sa hukbo noong 1980 sa Camarines Sur at nailipat sa Mindoro noong 1983 hanggang 2004.

Pinangunahan niya ang pagsusulong ng Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto noong 1990 at ang pagpapasigla sa lahatang panig na gawain sa isla.
Malaking papel ang ginampanan ni Ka Vocag sa pagharap at pagbigo ng buong rebolusyonaryong kilusan sa Mindoro sa imbing pakana ng kaaway na Oplan Habol Tamaraw sa ilalim ng berdugong si Palparan noong 2000 hanggang 2004. Matapos ang Oplan Habol Tamaraw, nagkasakit si Ka Vocag at kinailangang magpagamot. Nahuli siya noong 2004 at ikinulong hanggang sa siya ay namatay noong Enero, 2016 dahil sa atake sa puso.

Si **Aileen "Ka Pia" Serna** ay isang mahusay na kadre ng Partido, Pulang kumander, edukador, propagandista at organisador. Naglingkod sa sambayanang Pilipino at walang pag-iimbot na inialay ang sarili sa rebolusyon. Si Ka Pia ay isang kadre kasbay ng pagiging responsable at mapagmahal na ina sa kanyang dalawang anak. Gumampan ng iba't-ibang gawain sa yunit hanggang sa mapaslang siya sa labanan sa Sta Cruz, Occidental Mindoro noong Mayo 8, 2019. Bago siya napaslang, gumagampan siya bilang kagawad ng Komite sa Isla, pangalawang kalihim ng Komiteng Larangan sa Norte at tumatayong Political Instructor ng yunit na kinabibilangan. Malaki ang naging ambag ni Ka Pia sa pagrekober ng bahaging Norte ng isla. Isa siya sa mga bumalik sa erya upang muling palakasin ang rebolusyonaryong gawain doon.





Bukod sa kanila, hindi makalilimutan ang kabayanihan ng libu-libo pang martir at bayani ng rebolusyon at sambayanan. Sa isla ng Mindoro, ibinibigay din natin ang pinakamataas na pagpupugay kina:

Ka Eric (Roberto de Lima), 1983
Ka Cris (Tony), 1983
Ka Willy (Jimmy Cabatugan), 1983
Ka Jojo (Bio Pagwagan), 1984
Ka Darwin (Aladino Dangheros), 1984
Ka Bernie (Gonzales), 1985
Ka David (Leonido "Edu" Siosarly), 1987
Ka Dino (Noli Binan), 1987
Tatay Andrade, 1987
Ka Dado (Arnel Mendoza), 1987
Ka Cito (Lucio Estanislao de Guzman), 1987
Ka Roger Pesales, 1987
Ka Hernani Jacinto, 1987
Ka Bayani II (Raul Sibulan), 1988
Ka Reynold (Candelario), 1988
Ka Pingke (Rufino delos Reyes), 1988
Ka Rudy (Felizardo Aquino Robledo, 1988
Ka Ogie (taga-Punta, Sablayan), 1988
Ka Richard (taga-Ligaya, Sablayan), 1988
Ka Rino (Felix Tolentino Celestino), 1988
Ka Owen (David Daligues)
Ka James (Jojo Vicente)
Ka William (William Celestino)
Ka Bamber (Candelario)
Ka George Baylon
Ka Silet Baylon
Ka Alma
Ka Talamisan
Ka Allan (Allan Panado)
Ka Mario (Pedro Payas)
Ka Resty (Magramo), 1988
Ka Jordan (Tingle), 1988
Ka Jumbo (Balaso)
Ka Lingin (Mangyan)
Ka Joey (Joel Retoran)
Ka Dondon (Louie Castrillo)
Ka Rolly
Ka Rodgin (Valencia)
Ka Angel (Perlito Mateo)
Ka Nicky (Danilo Cerna)
Ka Reggie
Ka Warren (Xerxes Tagnum)
Ka Sandy (Arman dela Cruz)
Ka Arman (Magdalaganan)
Ka Robert (Hanley Arnaiz)
Ka Diony- (Balagso)
Ka Darwin (Angelito Mindoro)
Ka Waway (Marcelino Basa)
Ka Celso (Matias Bangcaya)
Ka Reggie (Villanueva)
Ka Lancer (Renato Sulit Gonda)
Ka Edson (Manuel Gabayno Gregorio)
Ka LA (Dominador Sanio)
Ka Totoy (Campos)
Ka Rubwan Roque
Ka Ricky Soller
Ka Magay
Ka Rocky (Boy Rizano), 1991
Ka Boy Paguia
Ka Emil (Carlos Guilas)
Ka Jokjok/Diding (Alfredo Alvaro)
Ka Zandro
Ka Cherry (Zaldy Malabunga)
Ka Rolan (Rey Campos), Sept. 18, 1999
Ka Wowie (Danilo Ignacio)
Ka Owen/Jiao (Celso Minguez)
Ka Wawie (Atorni Barrientos)
Ka Reynold (Emok Lualhati), 1999
Ka Marvin (Herman Maliwanag)
Ka Art (Dennis Ignacio)
Ka FL/Gimo (Gregorio Bautista Rosanes)
Ka Adrian (Adrian Alegria)
Ka Duran (Sonny Punzalan)
Ka Jepoy
Ka Redo (Pacaul), 2004
Ka Zoren (Trece Reano), 2005
Ka Cromwell (Michael Saligumba), Sept 10, 2005
Ka RB (Armando Mercado), October 2005
Ka Moron/Jovan (Percival Brillon), March 2006
Ka Sol (Paul Gonzales), March 15, 2006
Ka Ador/Bunaynay (Erasmo Poblador), Nov 2007
Ka RM (Truman Tugon Jr.), July 8, 2008
Ka Egay/Reden (Alberto Mendoza), Peb 25, 2009
Ka RA (Teodulo Prado), Aug 12, 2009
Ka Asero (Frederico Fortaleza), May 23, 2009
Ka Erwin (Johnny Toledo), 2009
Ka Wasig (Eduardo Tamayo), November 2011
Ka Roco/3K (Restituto Catubig), November 2011
Ka Spike (Efren Falcon), 2013
Ka Donjie (Muriel Latan), Abril 7, 2017
Ka Ken (Rodel Panado), June 20, 2017
Ka Rustico M. Oclima
Ka Dante Perez
Ka Dodong Robles
Ka Danny
Ka Rossel
Ka Pining/Emma (Felicidad Travinia)
Ka Rene (Armando Aala)
Ka Asuero Flores
Ka Aris/Rolly (Junior Moscoso)
Ka Wilson Gervacio
Ka Henry Ursua
Ka Freddie (Tanael Panganiban Agapay), 1985
Ka Tony/Bayani (Arturo Sibulan)
Ka Eric (Arturo de Guzman)
Ka Roland (Gary Montesa)
Ka Ludy (Rudy Fojas)
Ka Daniel (Elmer Aldaba)
Ka Joma (Danilo Sonio)
Ka Turing (Manuel Torribio)
Ka Raymond
Ka Rebo (Manuel Balatico)
Ka Abel (Abelardo Yacub)
Ka Roel (Roel Vicente)



Ka Francis (Johnny dela Cruz)
Ka Arlene/Ariel (Telong Modesto)
Ka Rhen (Nemil)
Ka Che (Caleb Delfin)
Ka Arjay (Mussulini Tijulan, Jr),
Ka Mia (Pangging Gadon)
Ka Marcial (Garay)
Ka Sendong (Lorenzo Visca)
Ka Chamber (Cocoy Dipasupil)
Ka Lubring
Ka Myra (Norie Magbitang), 1990
Ka Orlan (Diosdado Alcantara)
Ka Malou (Marilou Tagasa)
Ka Lope (Emilio Musico)
Ka Arnel (Proseso Apolinario)
Ka Arlen (Gadon)
Ka Medy/Ka Jerson (Ramon Isla)
Ka Baylon
Ka Joey
Ka Totoy (Ricky Solangon)
Ka Artem (Artemio Apolinario)
Ka Romy (Pamor)
Ka Glen/Ka Maolen (Juan Fadriquilan), 1992
Ka Totoy
Ka Randy
Ka Cherry (Federico Antaran)
Ka Elyo (Rogelio Abanilla), 1992
Ka Boyet (Florendo Solongkawayan)
Ka Gomer (Ricardo Sangre), 1993
Ka Alvin (Amado "Bong" Montesa), 1994
Ka Andre (Eric Pegal Bacarra), 1998
Ka Elmer (Laking Marasigan), 1999
Ka Joker (Larry "Boy" Trevalles), 1999
Ka Cris/Sixto (Armando Cerna)
Ka Red (Benedicto Mondragon)
Ka Alpha (Vicente Alpog), 2000
Ka Nards (Vladimir Fabila), 2000
Ka Abling (Raymundo Alforte), 2000
Ka Daniel
Ka Edu/Ka Minervo (Emmanuel Florendo)
Ka Elre/Malek (Erwin Bacarra)
Ka Pensoy (Freddie Balontong)
Ka Dodong Gadon
Ka Arman (Ricardo Gonzales)
Ka Lala (Glenmarie Tamboong)
Ka Mayo (Roger Fernando)
Ka Morris/Morgan (Larry Obsequio)
Ka Jason (Jonathan Musico)
Ka Rex (Vicente Gaad)
Ka Juan/Ja Kar (Godofredo Mapacpac Sr.)
Ka Glen (Maricel Dalisay), 2002
Ka Jonel (Jimboy Regalado), 2002
Ka Edilberto "Choy" Napoles
Ka Melanio "Emi" Anonuevo
Ka Eden Marcellana
Ka Eddie Gumanoy
Ka Juvy Magsino
Ka Leima Fortu
Ka Benny/Basil (Mabini Fabon)
Ka Isaias "Jun" Manano, April 28,2004
Ka Ronnie (Jessie Mascarinas)
Ka RB (Armando Mercado)
Ka Justine (Precy Balmes), September 2008
Ka Victor
Ka Rowan (Mark Anthony Velasco), March 6, 2010
Ka Michael (Ronald Flores), May 8, 2010
Ka Rokke (Fernando Pamorada), June 24,2010
Ka Olip (Christopher Barrientos), June 27, 2010
Ka Mike (Ulysses Galario), June 27, 2010
Ka Inso (Dapal)
Ka Moc/Abe (Lillibeth Donasco), March 30, 2017
Ka Abdul (Ysaac Cataytay), April 7, 2017
Ka Japs (June Eric Perey), March 30, 2017
Ka Camille (Reynaldo Garachica), March 30, 2017

Pinagpupugayan ng mamamayang Pilipino at ng buong rebolusyunaryong kilusan ang ipinamalas nilang husay, tapang at tatag sa pagsusulong ng rebolusyon. Magiging imortal ang kanilang buhay at sakripisyo sa gunita at alaala ng mamamayang Mindoreño at sambayanang Pilipino.

Pulang Saludo sa mga martir ng sambayanan!







Expansion ng Tamaraw Reservation

DAAN SA DAYUHANG MINA AT DISLOKASYON NG MGA MANGYAN



Nakaamba ang malawakang pagpapalayas sa mga pamayanang Mangyan dulot ng programa ng panlalawigang pamahalaan at Department of Environment and Natural Resources (DENR) para sa pagpapalawak ng Tamaraw Reservation.

Sa kasalukuyan, mayroong tatlong Tamaraw Reservation sa isla ng Mindoro: ang Mt. Iglit-Baco National Park sa Rizal at Calintaan; Mt. Aruyan-Calavite Wildlife Sanctuary sa Paluan; at Mt. Amyan-Malati sa Sablayan. Sinasaklaw ang lahat ng mga ito ng lupang ninuno ng mga katutubong Alangan, Iraya, Buhid at Tau-Buhid. Ipinagbawal na noon ang anumang aktibidad ng mga Mangyan sa naturang mga lugar. Ganito rin ang gagawin sa planong idagdag sa Tamaraw Reservation na sasaklaw sa mga pamayanan at kagubatan sa hilaga ng ilog Lamintao, partikular ang mga sityo ng Pangulyawan sa Brgy. Tanyag at Tam-isan at Tagalungan sa Brgy. Puypoy na kapwa matatagpuan sa Calintaan, gayundin sa Lanaban sa Brgy. Manoot, Rizal. Tinatayang mapapalayas ang aabot sa humigit-kumulang 200 kabahayan o 1,000 katutubo.

Nauna nang isinagawa ang konstruksyon ng swimming pool sa So. Canturoy sa Brgy. Manoot, Rizal. Kasunod na nito ang konstruksyon ng mga trail mula sa Blue Mountains sa Rizal at San Jose patungo sa mga target na pagpalawakan ng reservation. Ginawa umano ang mga ito bilang bahagi ng pagdebelop sa lugar para umakit ng mga turista.

Mula pa noong 2018, sunud-sunod ang mga pagpapapulong ng DENR sa mga nabanggit na mga pamayanan. Inaanunsyo nila rito ang pagbabawal sa mga Mangyan na magkaingin at mag-alaga ng hayop sa mga sasaklawin ng planong pagpapalawak ng Tamaraw Reservation. Sa iba pang pulong, tahasang inaanunsyo ng DENR ang pagpapalayas sa mga pamayanang Mangyan at paglilipat sa kanila sa mga laylayan ng kabundukan na malayo sa kanilang mga kabuhayan. Dagdag pa nila, mga Mangyan at mga mangangaso umano ang dahilan ng pagkawasak ng tirahan ng mga Tamaraw at pagkaubos ng lahi ng mga ito.

Sapilitang ipinataw ang ganitong plano ng lokal na pamahalaan at DENR. Naninindigan ang mga katutubo sa mga pamayanang ito na hindi konsultasyon bagkus ay mga pag-aanunsyo lamang ang ginagawa sa mga pulong na ito.

Ang hindi binabanggit sa mga naturang pulong at kahit sa mga upisyal na dokumento ng lokal na pamahalaan at DENR ay ang planong pagmimina ng natural gas sa naturang lugar. Matatandaang saklaw ang mga naturang lugar ng aplikasyon ng kumpanyang British na Pitkin Petroleum, Ltd.

Militarisado rin ang mga sasaklawin ng naturang pagpapalawak. Mula pa noong Disyembre 2018 hanggang sa kasalukuyan, nag-ooperasyon ang mga elemento ng 4th Infantry Battalion ng Philippine Army sa lugar upang tiyakin ang pagkontrol sa mga pamayanang apektado. Nakaamba ding magkampo ang mga sundalo sa lugar na higit na ikinababahala ng mga katutubo.

Dagdag pa, madalas na ginagamit ang terminong "preserbasyon" ng mga nanganganib nang maubos na hayop tulad ng Tamaraw upang makalikom ng malaking pondo mula sa lokal at dayuhang pamahalaan, institusyon at pilantropo at maging palabigasan ito ng mga burukrata-kapitalista. Tanging ang mga tiwaling opisyal at burukrata ang nakinabang sa multi-milyong pondo para sa naturang proyekto.

Walang pakinabang ang mga katutubo sa programang ito ng gubyerno. Bagkus, dati na silang napalayas at muling palalayasin sa panibagong pagpapalawak ng Tamaraw Reservation. Hangga't ang kasalukuyang gubyerno ay naglilingkod sa dayuhan at iilang naghaharing uri walang maaasahang tunay na pagpepreserba ng ating kalikakasan, kagubatan at maging mga endangered species gaya ng Tamaraw.

Hindi dapat isisi sa pangkaraniwang mamamayan at mga katutubo ang pagkawasak ng kalikasan dahil matagal na itong winasak ng mga dating konsesyonaryo ng mina at logging sa ngalan ng pandarambong ng mga dayuhan at lokal na naghaharing uri.

Mariing tumututol ang mga katutubong Mangyan at lahat ng Mindoreño sa kontra-mamamayang pagpapalawak ng Tamaraw Reservation. Dapat dalhin ang pagtutol na ito sa ibayong paglaban para sa karapatan sa sariling pagpapasya at lupang ninuno para sa buong lipunang Mangyan, kung saan tunay na kinakalinga ang kagubatan at lahat ng yaman nito kabilang ang mga Tamaraw at mahahalagang mina sa mga lugar na ito.



PAGHAHATID SA IMORTALIDAD KAY KA 25,
Rebolusyonaryong Martir ng Sambayanan!



Noong maagang bahagi ng 1990s, kilala siya ng mga kasama at masa bilang Ka Michael na bisaya. Sa pagdiriwang niya ng ika 25 taon sa hukbo, naging Ka 25 naman siya. Madali siyang makilala dahil sa matingkad niyang itsura na maputi at matangkad.

Siya si Rodel Panado delos Santos, ipinanganak sa isang pamilyang Ilonggo at nagmula sa Bgy. Limlim, Rizal bago siya sumampa sa hukbo.

Kabilang ang pamilya ni Ka 25 sa mga pamilyang napilitang magsilikas mula sa barangay Limlim noong 1988 dahil sa karahasan at pananalasa ng panginoong maylupa na si Ato Guevarra, mga goons nito, mga paramilitar na Alsa Masa at mga berdugong PC. Sa kanilang lugar, pinaslang ang ilang lider magsasaka, sinunog ang mga bahay at pinatay ang mga kalabaw sa tangkang padapain ang paglaban ng mga magsasaka. Hindi magtatagal, sasampa sa NPA si Ka 25, kasama ang iba pa niyang kapamilya at kababaryo.

Ginugol ni Ka 25 ang tatlumpung (30) mahahalagang taon ng kanyang buhay bilang isang hukbo at kasapi ng Partido. Buong panahon siyang kumilos at naglingkod sa masang Mindoreño at walang naging rekord ng panlalamig, paglabag sa disiplina o pag-awol. Sa hukbo na siya nagbinata at nagkaroon ng sariling pamilya.

Gumampan si Ka 25 bilang iskwad lider at sa maraming panahon ay gumampan sa mga gawaing teknikal at pag-ugnay sa mga masa. Madalas siyang makikita na kaulayaw ang masa - nakikipagkumustahan, nakikipagtalakayan at nagsisiyasat. Kahit hindi siya nakapag-aral sa burges na paaralan, naging mahusay si Ka 25 sa pag-ugnay sa masa, pangangalap ng rekurso at pagpamilyarisa sa mga lugar. Madalas, marami siyang dalang gulay, prutas o niyog mula sa masa at kasabay na ibabahagi ang kanilang mga kwento.

Nitong Pebrero 21, 2019, nasawi si Ka 25 kasama si Ka Eldon, isang kabataang hanunuo na taga Bgy. Sta. Teresita, Mansalay, Oriental Mindoro sa isang labanan sa parehong barangay. Ang buhay pakikibaka ni Ka 25 at ng iba pang martir ng rebolusyong Pilipino ay dapat nating gawing inspirasyon. Panghawakan natin ang diwa ng kanyang marubdob, matapat at payak na paglilingkod sa masa. Damputin natin ang sandatang kanyang nabitawan at isulong ang matagalang digmang bayan hanggang sa tagumpay!

BANTAY KARAPATAN

LIDER-MAGSASAKA, BAGONG BIKTIMA NG EJK SA OCCIDENTAL MINDORO

Patay sa pamamaril ng riding-in-tandem ng hinihinalang tropa ng 4th Infantry Battalion ng Philippine Army si Omeng Kahelo sa Sta. Cruz, Occidental Mindoro noong Marso 21.

Si Kahelo, isang lider-magsasaka at lider ng mga tricycle driver sa kanilang lugar, ang pinakabagong biktima ng ekstrahudisyal na pamamaslang o EJK sa isang estilong "Duterte Death Squad" sa Mindoro kasunod ng mga lider-Mangyan at upisyal ng barangay sa nakaraang dalawang taon sa ilalim ni Duterte.

Matatandaan na noong nakaraang taon, pinaslang ang dalawang lider-katutubo ng mga Mangyan-Alangan sa Sablayan, Occidental Mindoro. Pinaslang sa pamamaril ng riding-in-tandem si Konsehal Aga Katibong sa kanilang lugar sa So. Calamansian, Brgy. San Agustin sa Sablayan noong Hulyo 5 sa kanyang pag-uwi mula sa baranggay hall.

Makalipas ang ilang buwan, pinaslang naman sa parehong paraan si Pangon Danyo, sitio chairman ng So. Culasisi, Brgy. Batong Buhay sa Sablayan noong Setyembre 30.

Kapwa pinamunuan nina Katibong at Danyo ang pagtutol ng mamamayan sa Sablayan sa mapaminsalang dayuhang minahan at pagtatayo ng kampo ng 4th IBPA sa Culasisi. Hanggang sa ngayon, wala pa ring hustiyang natatamasa ang kanilang naiwang pamilya.

"Nakababahala ang pagdami ng ganitong extrahudisyal na pamamaslang sa Occidental Mindoro sa mga lider ng nakikibakang mamamayan," ani Kasamang Ma. Patricia Andal, tagapagsalita ng National Dmeocratic Front-Mindoro. "Ang ganitong pangyayari ay dapat kundenahin, tutulan at ilantad. Higit na magtutulak ito para sa mas maigting na pagkakaisa at paglaban ng mamamayan para kundenahin ang paglapastangan sa kanilang karapatang tao," giit ni Ka Patricia.

"Tanging sa rebolusyonaryong armadong pakikibaka makakamit ang hustisya para sa mga pinakabagong biktima ng pulitikal na pamamaslang ng rehimeng US-Duterte," pagtatapos ni Ka Patricia.

KULTURA

Ambahan Buhid
Ka Ener

Simanok uyas uyas
nafatan dagatufas
nafana natapyas
nabalakong nagitas

Paliwanag:
Lalong tumitindi ang krisis sa Pilipinas kaya ang solusyon ay magkaisa at ipaglaban natin ang ating karapatan bilang katutubong Buhid.

Ambahan Bangon
ni ka Joy

Butan sastalon nalagbalakong
natarong, natarong
matuyong matuyong

Paliwanag:
Ang baboy damo, parang tao
gaano man kaduwag, o anumang tindi ng takot
sa tuwing dumarating ang matinding panganib, nilalabanan nya ito gaano man yan kalakas.

Ambahan Hanunuo
ni Ka Aya

Kang ka saging matabya
bukon habog sa iba,
habog di sa kanta duwa.

Paliwanag:
Ang pagkain ng masa ay pagkain din ng Hukbo.
Nagmumula sa suporta ng masa ang lakas ng Hukbo.
“Mula sa masa, tungo sa masa”



Paalam, Ka Binagaw
ni Ka PJ

Sa rebolusyonaryong kilusan tayo'y nagkakilala
Sa isang hangaring lumaya, tayo'y nagkaisa;
Buong puso mong tinanggap ang kamatayan
Hanggang sa huling patak ng dugo ay hindi mo iniwan.

Masaya kami dahil sa matatag mong paninindigan
Pagbubuwis ng sarili mong buhay ay pinaghandaan
Isa kang magiting na modelo ng buong bayan
Na may tapang at husay na milisyang bayan.

Tulad mo'y isang ilog ng Binagaw
Tuloy sa pag-agos ang rebolusyon mong sinimulan;
Kami ang magpapatuloy ng nasimulan mong laban
Katuwang ang masa, magtatagumpay ang digmang bayan.

Paalam Ka Binagaw, Paalam magiting na kasama;
Aming sinisigaw ang lubos na pagmamahal
Taas-kamao kaming nagpapasalamat at nagpupugay
Hindi ka namin makalilimutan hanggang sa tagumpay.

HANAPIN ANG MGA SALITA:

DRB
NEW PEOPLES ARMY
PARTIDO
TAKTIKAL OPENSIBA
LIMAMPUNG TAON
GINTONG ARAW
LUCIO DE GUZMAN
KILWAS
MADAAY GASIC
REBONG HUSTISYA
ARPAK
BASENG MASA
AGREB
LINYANG MASA
GAWAING MASA
REYD
ISNAYP
TUPAYB

T	G	M	A	D	A	A	Y	G	A	S	I	C	I	A	E
A	A	S	A	M	G	N	A	Y	N	I	L	G	R	H	S
K	W	K	P	D	R	B	A	R	O	N	E	P	L	N	D
T	A	N	I	S	N	A	Y	P	Y	U	A	R	U	C	E
I	I	L	M	G	A	S	S	A	Y	K	Y	H	C	Y	P
K	N	L	K	D	I	E	T	B	P	A	R	T	I	D	O
A	G	R	E	B	D	N	E	D	I	U	E	E	O	P	M
L	M	A	R	G	O	G	T	W	A	R	T	S	D	G	A
O	A	Y	O	T	N	M	R	O	L	A	H	R	E	Y	D
P	S	A	P	T	A	A	E	R	N	I	U	I	G	B	A
E	A	W	A	R	O	S	M	A	O	G	P	L	U	M	A
N	P	K	I	L	W	A	S	T	S	S	A	O	Z	O	Y
S	N	E	W	P	E	O	P	L	E	S	A	R	M	Y	G
I	Y	A	T	I	K	B	A	L	N	E	R	R	A	W	A
B	L	I	M	A	M	P	U	N	G	T	A	O	N	W	S
A	Y	S	I	T	S	U	H	G	N	O	B	E	R	B	I

Ang ALAB ay ang rebolusyonaryong pahayagan sa Isla ng Mindoro. Pinapatnugutan ito ng Partido Komunista ng Pilipinas (Marxismo-Leninismo-Maoismo) sa Mindoro.

Para sa anumang katanungan, komento, kontribusyon, o mungkahi, maaaring ugnayan ang patnugutan ng ALAB sa:

@alabngdigmamindoro alabngdigmamindoro@gmail.com

Maaring i-download ang kopya ng ALAB at iba pang rebolusyonaryong pahayagan sa www.prwc.info